INLAND REGIONAL CENTER

…pinapahalagahan ang pagsasarili, ingklusyon, at pagbibigay-kakayahan

P. O. Box 19037, San Bernardino, CA 92412-6127
Telepono: (909) 890-3000
Fax: (909) 890-3001

Abril 3, 2023

Sa Kinauukulan:

Nakalakip ang Ulat ng Pagbili ng Serbisyo (Purchase of Service o POS) at plano ng Inland Regional Center (IRC) na tiyaking ang mga serbisyong awtorisado at inaprubahan ay may pinakamataas na kalidad at mapapakinabangan ng lahat ng Kliyente anuman ang edad, wika, etnisidad, diagnosis, heograpikong lokasyon, mga sitwasyon sa paninirahan, o iba pang natutukoy na hamon.

Patuloy na nakikipagtulungan ang IRC sa pangangalap ng mungkahi mula sa komunidad. Patuloy na nakikipagtulungan ang aming Team ng Pakikipag-ugnayan sa Komunidad sa aming mga Organisasyong Nakabatay sa Komunidad (Community Based Organization o CBO) at sa Autism Society of Inland Empire (ASIE) upang tumulong sa pag-market ng data, survey, at mga petsa ng pagpupulong ng POS.

Muli, ngayong taon, paunang nag-record ang IRC ng presentasyon ng POS sa English, Spanish, at American Sign Language (ASL) at linggo-linggo itong gumawa ng post na naglalaman ng data at ng survey sa aming mga social media platform upang mangalap ng mungkahi. Isang in-person na presentasyon ng POS sa Spanish, English, at ASL ang idinaos noong Pebrero 15, 2023, sa IRC Conference building.

Sa in-person na pagpupulong, binigyan ng pagkakataong magsalita ang lahat ng CBO na tumatanggap ng pondo mula sa grant mula sa Departamento ng Mga Developmental na Serbisyo (Department of Developmental Services o DDS) sa panahon ng pag-uulat. Bukod pa rito, hiningan ng IRC ang bawat CBO ng quantitative at qualitative na data upang makatulong sa paggawa ng ulat ng POS.

Ipinresenta ang data ng POS sa mga pagpupulong ng Community-Based Organization Collaborative, Disparity Link, Komite ng Pagpapayo sa Vendor (Vendor Advisory Committee o VAC), at Komite ng Pagpapayo sa Kliyente (Client Advisory Committee o CAC). Panghuli, natanggap ng lahat ng tauhan ng IRC ang data, survey, at paunang ni-record na presentasyon at hinikayat ang mga ito na magbigay ng feedback.

Ang nakalakip na ulat ay may mungkahi mula sa aming komunidad, mga katuwang na organisasyon, at mga tauhan, na ibinuod nang may planong ipagpatuloy ang pagtugon sa mga pagkakaiba-iba sa POS.

Huwag mag-atubiling makipag-ugnayan sa akin sa (909) 890-3400 o sa pamamagitan ng email sa Ljohnson@inlandrc.org para sa anumang tanong, alalahanin, o karagdagang mungkahi. Ikalulugod naming magkaroon ng pagkakataong talakayin sa inyo ang aming mga aktibidad.

Taos-puso,

Lavinia Johnson

Lavinia Johnson
Executive Director
Inland Regional Center

INLAND REGIONAL CENTER

…pinapahalagahan ang pagsasarili, ingklusyon, at pagbibigay-kakayahan

P. O. Box 19037, San Bernardino, CA 92423-9037

telepono: (909) 890-3000 • fax: (909) 890-3001

May mga karaniwang acronym na ginagamit sa kabuuan ng ulat na ito.

ASIE	Autism Society Inland Empire
CAC	Consumer Advisory Committee (Komite ng Pagpapayo sa Consumer)
CSC	Consumer Services Coordinator (Tagapag-ugnay ng Mga Serbisyo sa Consumer)
CBO	Community-Based Organization (Organisasyong Nakabatay sa Komunidad)
CEU	Continuing Education Unit (Unit para sa Continuing Education)
CFT	Child Family Team (Team ng Pamilya ng Bata)
CLAP	Creating Leadership Among Parents
CLASE	Colaboración, Liderazgo, Abogacía, Servicio y Educación (Collaboration [Pakikipagtulungan], Leadership [Pamumuno], Advocacy [Pagtataguyod], Service [Serbisyo], Education [Edukasyon])
CP	Cerebral Palsy
DACA	Deferred Action for Childhood Arrivals
DEI	Diversity, Equity, and Inclusion (Dibersidad, Pagkakapantay-pantay, at Ingklusyon)
DDS	Department of Developmental Services (Departamento ng Mga Developmental na Serbisyo)
D/HH	Deaf and Hard of Hearing (Bingi at May Kapansanan sa Pandinig)
DRC	Disability Rights California
EPU	Exceptional Parents Unlimited
GANAS	Genuine, Animate, Navigate, Assist, Succeed
ICF	Intermediate Care Facility (Pasilidad ng Intermediate na Pangangalaga)
ID/DD	Intellectual Disability (Kapansanan sa Pag-iisip)/Developmental Disability (Developmental na
IPP	Individualized Education Program (Indibidwal na Programa sa Edukasyon)
IHSS	In-Home Support Services (Mga Pansuportang Serbisyo sa Bahay)
IPP	Individual Program Planning (Pagpaplano ng Indibidwal na Programa)
IRC	Inland Regional Center
ISC	Infant Services Coordinator (Tagapag-ugnay ng Mga Serbisyo sa Sanggol)
LACC	Language Access Cultural Competency (Access sa Wika at Kakayahan sa Kultura)
LMS	Learning Management System (Sistema ng Pamamahala ng Pag-aaral)
NOA	Notice of Action (Abiso ng Pagkilos)
OCRA	Office of Clients' Rights Advocacy (Tanggapan ng Pagtataguyod ng Mga Karapatan ng Mga
OT	Occupational Therapy
PBC	Parenting Black Children (Pagiging Magulang sa Mga Black na Bata)
POS	Purchase of Service (Pagbili ng Serbisyo)
PT	Physical Therapy
RC	Regional Center (Panrehiyong Sentro)
SAE	Service Access and Equity (Access at Pagkakapantay-pantay sa Serbisyo)
SDP	Self Determination Program

SCDD	State Council on Developmental Disabilities (Pang-estadong Konseho para sa Mga Developmental
SSI	Supplemental Security Income
VAC	Vendor Advisory Committee (Komite ng Pagpapayo sa Vendor)

Mga Dapat Isagawa sa Data ng Dibersidad/Pagkakaiba-iba/S.A.E.

Isinagawa ng Inland Regional Center ang mga sumusunod na pagkilos upang dumami ang dadalo at lalahok sa talakayan tungkol sa Pagbili ng Serbisyo (Purchase of Service o POS).

- Noong Nobyembre 14, 2022, inanunsyo ang Pagpupulong para sa Mungkahi ng Publiko sa POS sa inlandrc.org/calendar.

- Noong Nobyembre 15, 2022, inanunsyo ang Pagpupulong para sa Mungkahi ng Publiko sa POS sa mga Organisasyong Nakabatay sa Komunidad (CBO) na tumatanggap ng pondo mula sa grant mula sa Departamento ng Mga Developmental na Serbisyo (DDS), liaison ng DDS, Tanggapan ng Pagtataguyod ng Mga Karapatan ng Mga Kliyente (OCRA), Disability Rights California (DRC), Dibersidad, Pagkakapantay-pantay, at Ingklusyon (DEI), at Pang-estadong Konseho para sa Mga Developmental na Kapansanan (SCDD).

- Noong Disyembre 07, 2022, ibinahagi sa Komite ng Pagpapayo sa Vendor (VAC) ang anunsyo ng pagpupulong para sa Mungkahi ng Publiko.

- Noong Disyembre 22, 2022, na-post ang data ng POS sa website ng IRC sa English at Spanish sa ilalim ng page na Accountability.

- Noong Enero 10, 2023, ibinahagi sa mga Manager ng Programa ng IRC ang data ng POS, abiso ng pagpupulong, at survey.

- Noong Enero 12, 2023, inanunsyo ang mga pagpupulong para sa Mungkahi ng Publiko sa POS sa Facebook page ng Komite ng Pagpapayo sa Kliyente (CAC) ng IRC.

- Noong Enero 13, 2023, inanyayahan ang mga pinuno ng CLASE na dumalo sa mga live na pagpupulong para sa Mungkahi ng Publiko sa POS at hinikayat silang magbigay ng mungkahi ng publiko.

- Noong Enero 17, 2023, ipinadala ang ulat sa data at survey ng POS sa lahat ng tauhan ng IRC.

- Noong Enero 18, 2023, ipinresenta ng Manager ng Programa sa Pakikipag-ugnayan sa Komunidad ang data ng POS sa pagpupulong ng IRC CBO Collaborative.

- Noong Enero 20, 2023, ibinahagi ng Autism Society sa kanilang listserv ang flyer ng pagpupulong para sa Mungkahi ng Publiko sa POS.

- Noong Enero 23, 2023, ipinresenta ng Manager ng Pakikipag-ugnayan sa Komunidad ang data ng POS sa mga Direktor ng IRC at inaprubahan ito.

- Noong Enero 23, 30, 2023, at Pebrero 6, 13, 15, 2023, idinagdag ang presentasyon mula sa Pagpupulong para sa Mungkahi ng Publiko sa POS kasama ang data at survey sa tatlong social media platform na pinapangasiwaan ng IRC.

- Noong Enero 23, 2023, ipinadala ang video ng presentasyon ng POS at mga link sa email sa lahat ng tauhan, Vendor, Partner sa Komunidad, at Kliyente ng IRC, at sa mga magulang mula sa listserv ng IRC.

- Noong Enero 26, 2023, ipinresenta ng Espesyalista sa Kultura ng IRC ang data ng POS at ang link at survey sa "Hang Out" meeting ng CAC ng IRC. Hinikayat ang mga dumalo na ibigay ang kanilang mga komento at suhestyon sa pamamagitan ng survey o email at inanyayahan silang dumalo sa mga live na pagpupulong para sa Mungkahi ng Publiko sa POS noong Pebrero 15, 2023, nang 11AM (Spanish) at 5PM (English).

- Noong Enero 27, 2023, ipinresenta ng Espesyalista sa Kultura ng IRC ang data ng POS sa mga pinuno ng CLASE at nagbigay siya ng link sa survey.

- Noong Pebrero 13, 2023, ipinresenta ng Espesyalista sa Kultura ang data ng POS sa VAC.

- Noong Pebrero 14, 2023, ipinresenta ang data ng POS sa team ng Disparity Link ng IRC.

- Noong Pebrero 15, 2023, personal na isinagawa sa komunidad ang live na presentasyon ng Data sa Pagkakaiba-iba ng POS na may session para sa mungkahi ng publiko.
    - Session sa Spanish 11:00 AM -12:30 PM
        - Bilang ng mga dumalo = 25
    - Session sa English/ASL 5:00 PM -6:30 PM
        - Bilang ng mga dumalo = 33

- Kabuuang bilang ng mga survey sa Mungkahi ng Publiko na natanggap mula sa lahat ng source na nabanggit sa itaas:
    - Mga survey sa English = 53
    - Mga survey sa Spanish = 23

Taon ng Pananalapi 2020-2021
Mga Tala sa Pagpupulong ng Stakeholder sa Presentasyon ng Access at Pagkakapantay-pantay sa Serbisyo Mungkahi ng Publiko sa Pagbili ng Serbisyo
Pebrero 15, 2023 – Session sa English/ASL
5:00 PM hanggang 6:30 PM

Tauhan ng IRC: Vince Toms, Direktor ng Mga Serbisyong Pangkomunidad; Treva Webster, Direktor ng Early Start, Intake, Clinical, and FRN; Kurtis Franklin, Direktor ng IT at Mga Serbisyong Pang-administratibo; CJ Cook, Manager ng Programa sa Pakikipag-ugnayan sa Komunidad; Maria Rodriguez, Espesyalista sa Kultura; Estefania Peña, D/HH Espesyalista sa Kultura; Tameka Alexander, ASL Consultant; Martín Morales, Espesyalista sa Access sa Wika at Kakayahan sa Kultura; Tanialee Sanchez, Event Developer Outreach Specialist; Marquis Quinton, Tagpag-ugnay ng Mga Serbisyong Pang-emergency; George Gonzalez, CST III; Ismeth Estrada, CST I; Gregory Harrison, Tagapagtaguyod ng Consumer; Stephen Donahue, Tagapagtaguyod ng Consumer.

Mga Vendor: Sofia Benitez, 24hr. Home Care; Mary Rose Khan, Mesa Verde Home; Gohar Khan, Mesa Verde Home; Noel Esho, Mercyland Home; Tina Beth, Arc School of Hope; Chris Pike, School of Hope.

Mga Interpreter: Raven Taylor (ASL); Marlene Gaines (ASL); Gerardo Ruiz (Spanish).

Iba pang Ahensya: Jens Sorensen, DRC; Esteban Ortiz, SCDD; Katherine Connolly, DOR.

C.B.O.s na dumalo

- Autism Society Inland Empire
  - Beth Burt, Clara Garcia, at Virginia Sosa – Colaboración, Liderazgo, Abogacía, Servicio y Educación (C.L.A.S.E.)
- Familias First
  - Victor Campos – Creating Leadership Among Parents (CLAP) na proyekto mula sa grant sa SAE
- Padres con Ganas
  - Martha Barragan – Genuine, Animate, Navigate, Assist, Succeed (GANAS.)

Kabilang sa mga stakeholder na dumalo ang mga miyembro ng komunidad, kliyente, magulang/tagapangalaga, vendor, at mga tauhan ng IRC. Bilang ng mga dumalong stakeholder = 33

Kasama sa presentasyon ang mga karaniwang acronym na ginagamit sa mga panrehiyong sentro, mahahalagang timeline ng pagkakaiba-iba sa POS, impormasyon tungkol sa paggastos sa POS, pagdami ng Kliyente at mga tauhan ng IRC, ang Unit para sa Pakikipag-ugnayan sa Komunidad, mga kasalukuyang proyekto ng SAE at CBO, data sa pagkakaiba-iba ng POS, mga balakid at tool, mga kasalukuyang layunin ng SAE, mga panukalang layunin, paano manatiling konektado, mungkahi ng publiko, anunsyo, at mga link sa taunang survey sa POS.

Maaari ninyong suriin ang data ng pagkakaiba-iba ng POS noong 2021/2022 sa English sa: https://www.inlandrc.org/wp- content/uploads/2022/12/IRC-POS-Data-Reports-21-22-English.pdf

Maaari ninyong suriin ang English na POS na Purchase of Service Presentation – English sa https://youtu.be/5xkl98PCniw

Maaari ninyong suriin ang English na POS na Purchase of Service Presentation – ASL sa https://www.youtube.com/watch?v=mvD4-wZvOro

Taon ng Pananalapi 2020-2021
Mga Tala sa Pagpupulong ng Stakeholder sa Presentasyon ng Access at Pagkakapantay-pantay sa Serbisyo Mungkahi ng Publiko sa Pagbili ng Serbisyo
Pebrero 15, 2022 – Session sa Spanish
11:00am hanggang 12:30 PM

Dinaluhan nina:
Vince Toms, Direktor ng Mga Serbisyong Pangkomunidad; Kurtis Franklin, Direktor ng IT at Mga Serbisyong Pang-administratibo; CJ Cook, Manager ng Programa sa Pakikipag-ugnayan sa Komunidad; Maria Rodriguez, Espesyalista sa Kultura; Estefania Peña, D/HH Espesyalista sa Kultura; Martín Morales, Espesyalista sa Access sa Wika at Kakayahan sa Kultura; Tanialee Sanchez, Event Developer Outreach Specialist; Marquis Quinton, Tagpag-ugnay ng Mga Serbisyong Pang-emergency; George Gonzalez, CST III; Ismeth Estrada, CST I.

Mga Interpreter: Gerardo Ruiz (Spanish)

Iba pang Ahensya: Inimbitahan ang DRC at OCRA ngunit hindi dumalo ang mga ito; inimbitahan ang SCDD ngunit hindi ito dumalo.

C.B.O.s na dumalo

- Autism Society Inland Empire
  - Beth Burt, Clara Garcia, and Virginia Sosa – Colaboración, Liderazgo, Abogacía, Servicio y Educación (CLASE) na ang ibig sabihin sa Tagalog ay pakikipagtulungan, pamumuno, pagtataguyod, serbisyo, at edukasyon
- Familias First
  - Victor Campos – Creating Leadership Among Parents (CLAP) na proyekto mula sa grant sa SAE
- Padres con Ganas
  - Martha Barragan at Maria Martinez – Genuine, Animate, Navigate, Assist, Succeed (GANAS)
- Ives Torres Foundation
  - Isabel Torres at Araceli Gil - Padres Con Poder

Kabilang sa mga stakeholder na dumalo ang mga miyembro ng komunidad, kliyente, magulang/tagapangalaga, vendor, at mga tauhan ng IRC. Bilang ng mga dumalong stakeholder = 25

Kasama sa presentasyon ang mga karaniwang acronym na ginagamit sa mga panrehiyong sentro, mahahalagang timeline ng pagkakaiba-iba sa POS, impormasyon tungkol sa mga Paggastos sa POS, pagdami ng Kliyente at mga tauhan ng IRC, ang Unit para sa Pakikipag-ugnayan sa Komunidad, mga kasalukuyang proyekto ng SAE at CBO, data sa pagkakaiba-iba ng POS, mga balakid at tool, mga kasalukuyang layunin ng SAE, mga panukalang layunin, paano manatiling konektado, mungkahi ng publiko, anunsyo, at mga link sa taunang survey sa POS.

Maaari ninyong suriin ang data ng pagkakaiba-iba ng POS noong 2021/2022 sa Spanish sa: https://www.inlandrc.org/wp- content/uploads/2022/12/IRC-POS-Data-Reports-21-22-Spanish.pdf

Maaari ninyong suriin ang Spanish na POS na Presentación de la Compra de Servicios – Español sa https://youtu.be/J7e6ShJu88M

Mga Isyung Natukoy at feedback mula sa Mga Virtual na Pagpupulong ng Stakeholder ng SAE, Mga Survey sa Mungkahi ng Publiko, at presentasyon ng data ng pagkakaiba-iba ng POS sa iba't ibang grupo sa komunidad ng IRC.

01/26/23 Mungkahi mula sa mga dumalo sa "Hang Out":

- Ipinahayag ng kliyente na isyu ang transportasyon sa vendor na nagbibigay ng transportasyon.

1/27/2023 Mungkahi mula sa C.L.A.S.E. Mga Pinuno:

- Kailangan ng mas maraming tauhan/caseworker.
- Dapat pagsikapan ng IRC ang pagbabahagi ng mga resource/serbisyo/pamilya.
- Dapat gawing vendor ng IRC ang mga provider na may serbisyo sa GPS tracking.
- Kumplikado at mahaba ang proseso ng pagiging vendor.
- Mahirap ang aplikasyon para sa mga serbisyo.
- Mahirap pabalikin ang isang bata sa IRC kung lumampas na sa edad ang bata o kung umalis ito sa sistema ng paaralan.
- Binanggit ng mga miyembro ng CLASE na kailangan nila ng mga gabay para sa mga serbisyo at sa pag-interpret ng impormasyon ng mga hukom; kung minsan ay iba ang interpretasyon ng batas sa kung ano ang nakasulat. Nahaharap ang mga kliyente sa dagdag na balakid sa pag-unawa ng kumplikadong wika, kahit sa wikang sinasalita nila, na nakapagdaragdag ng isa pang layer/balakid.
- Binanggit ng isang miyembro ng CLASE ang mga serbisyo para sa krisis, mga hindi sapat na serbisyo, at kung anong uri ng suporta ang kasalukuyang mayroon; narinig niya ang parehong mga alalahanin mula sa iba't ibang grupo. Nagbanggit ng mga karagdagang serbisyo, partikular na para sa mga Kliyente ng panrehiyong serbisyo na may mga developmental na kapansanan. Ang pangunahing alalahanin ay kung ano ang puwede nilang gawin kapag sarado ang mga Panrehiyong Sentro.
- Idinagdag na hindi lang mga resource ang hamon kundi ang pangangailangan din ng higit pang serbisyo dahil sa limitadong bilang ng mga vendor.
- Binanggit ang pangangalaga para sa pagpapahinga (respite care); maaaring inaprubahan ang serbisyo ngunit hindi ito available.
- Idinagdag na mahalagang ihambing ang IRC sa iba pang panrehiyong sentro kaugnay ng POS.
- Nagsumite din ang mga pinuno ng CLASE ng mga alalahanin sa pamamagitan ng sulat- Nakalakip sa ulat na ito ang sulat.

2/14/2023 Mungkahi mula sa mga dumalo sa "Disparity Link":

- Pinaghahambing ng maraming pamilya ang mga pinopondohan ng ibang panrehiyong sentro at ang mga hindi natin pinopondohan, lalo't dahil galing sila sa ibang panrehiyong sentro na iyon o may koneksyon sila sa panrehiyong sentro na iyon. Isa sa mga pinakamadalas kong naririnig ang mga art therapy o klase sa musika, partikular na sa San Gabriel/Pomona Regional Center. Nangyari na ito dati sa daycare at sa RCOC noong hindi pa available ang pagpopondo sa daycare; hanggang noong mga nakaraang taon nang sinimulan natin itong pondohan. Iyon lang ang pinaghahambing at kung bakit pinopondohan ng mga panrehiyong sentro ang mga ito at hindi ng IRC. Narinig ko ulit iyon kahapon lang: mga klase sa musika, klase sa sining, at therapy sa San

Gabriel/Pomona Regional Center. Pinadalhan ng CSC ng mga flyer ang mga Kliyente sa listahan ng email na makakaugnayan upang pasagutan ang survey ng Pagpupulong para sa Mungkahi ng Publiko sa POS.

02/15/2023 Mungkahi mula sa live na Pagpupulong para sa Mungkahi ng Publiko sa POS sa Spanish (11:00 AM – 12:30 PM: Mga positibong pahayag:

- May nakita akong mga pagbabago sa nakalipas na sampung taon. Mas maraming resource na ang accessible sa ating wika (Spanish). Binuo ang mga bagong posisyon sa IRC nang isinasaalang-alang tayo. Mas maganda na ang website at gumagana ito sa Spanish. Nadagdagan ang mga tauhang nagsasalita ng Spanish.
- Mas marami na akong nakikitang resource na available sa Spanish. Madaling nada-download ang newsletter, at nababasa namin ito sa oras na libre kami. Kailangan pa nito ng higit pang promosyon, pero natutuwa ako na available ito. Bukod pa rito, mas marami nang resource sa website, at nahahanap namin ang mga ito sa wika natin.
- Natutuwa na sineseryoso ng mga tauhan ang mga alalahanin at binanggit na mas maraming materyal na ang available na sa Spanish. Nagagawa na nating magpulong at mag-usap-usap tungkol sa kung paano matutulungan ang ating mga komunidad.
- Patuloy tayong nag-uusap tungkol sa mga pagkakaiba-iba.

Feedback:

- Sa palagay ko ay alam ng mga magulang ang tungkol sa programa ngunit hindi nila alam kung ano ang nangyayari sa mga bata. Sana ay maaari silang magsama-sama upang mag-usap-usap at sana ay magkaroon ng mga event kung saan masasabi ng mga magulang kung ano talaga ang nangyayari at kung ano ang dapat gawin kapag may nangyayari sa bata. Alam ng mga magulang ang impormasyon, at maaaring talagang nakakalito ito; hindi nila alam kung paano pumunta roon o kung paano ipaliwanag ang nangyayari sa pamilya at maunawaan ang kundisyon ng bata. Paano maunawaan kung bakit hindi nauunawaan ng magulang ang kundisyon.
- Isa akong facilitator para sa C.L.A.S.E., isang grupo ng 43 pinuno, 19 grupong nagbibigay-kakayahan sa mga pinuno; inimbitahan sila sa pagpupulong. Ang layunin ay ang maging bahagi ng pag-uusap. Walang programa o serbisyo, partikular sa pagpapahinga at programa o mga programa sa pag-uugali, o mga serbisyo para sa krisis. Gusto naming malaman kung ano ang available para sa mga pamilya. Kailangan ng higit pang data tungkol sa mga available na serbisyo. May mga lokasyong hindi nakakakuha ng mga serbisyo dahil walang provider. Kumusta ang IRC kumpara sa iba pang Panrehiyong Sentro?
- Nalaman natin na kahit marami tayong impormasyon, kulang tayo ng impormasyon para sa mga magulang. Ang pangalawang layer ay para malaman ng mga magulang kung paano gumawa ng matatalinong pasya. Maraming nalilito. Sa ating programa, nakatuon tayo sa pagtulong sa mga magulang na makaunawa at makagawa ng matatalinong pasya. May mga magulang na hindi nakapagtapos, kung minsan kahit pa ng elementarya. Kung mayroon tayong mga gabay, at mga patakaran, matutulungan natin ang mga pamilya. Magagamit namin ang bokabularyong iyon upang maunawaan ng provider ng serbisyo ang mga pangangailangan ng bata. Noong kasagsagan ng pandemya, hindi natin matulungan ang mga pamilya sa pag-unawa; naharap ang I.R.C. sa isang mahirap na hamon; kailangan natin ng epektibong sistema, upang magkaroon ang mga magulang ng direktang komunikasyon kapag kailangan nila.
- Malaking problema ang teknolohiya para sa ating mga pamilya; dapat puno ang silid na

ito ng mga magulang na makakatulong sa atin na magbigay ng mga solusyon; kung hindi nagagamit ng mga pamilya ang web, paano nila malalaman at malalahukan ang mga katulad na aktibidad; kung hindi nauunawaan ng mga pamilya, mayroon bang maaaring gawin tulad ng mga workshop kaugnay ng teknolohiya para sa mga magulang sa kanilang antas. Nahihirapan ang mga pamilya at hindi sila kumportableng kumonekta sa web at maghanap ng mga resource; malaking problema ang teknolohiya. Kailangan nating humanap ng mga solusyon upang matulungan ang mga pamilyang nahihirapan sa teknolohiya.

- Ako ang pinuno ng A.S.I.E. at ng grupo ng C.L.A.S.E., at narito ako para malaman kung ano ang nangyayari sa kanilang mga lugar. Sumasang-ayon ako sa lahat ng sinabi nila. Dapat ay maging mas madali at pare-pareho sa buong estado ang aplikasyon ng vendor; isa itong pambuong estadong isyu; kulang ang mga vendor ng IRC; hindi sapat ang mga serbisyong available sa ilang partikular na lugar.
- Kailangan natin ng mga malinaw na gabay at kung ano ang kailangan. Kailangang magkaroon ng bagong aplikasyon ng vendor sa buong estado. Mas madaling aplikasyon sana, hindi ang mahigit 40 pahinang aplikasyon na ginagamit natin ngayon. Bigyan ang ibang vendor ng pagkakataong pumunta sa I.R.C. mula sa ibang panrehiyong sentro.
- Maraming kailangan. Kailangan natin ng mga bago at modernong programa; narito tayo upang gumawa ng bago at sumubok ng ibang bagay, pero patuloy pa rin nating ginagawa ang nakasanayan. Maglagay ng mga volunteer; gumawa ng programang tutulong sa mga Hispanic na pamilya. Kung minsan, isinasalin natin ang English sa Spanish, at hindi nagiging malinaw ang pagsasalin dito. Hindi alam ng mga magulang ang dapat gawin sa kanilang anak. Kailangan pa nila ng ibang programa. Napakaraming resource ngunit walang edukasyon.
- IRC: Inanunsyo ang 1:40 unit; ipinaliwanag na kumukuha ng mga kliyente ang unit sa halagang $0-$1900; para sa mga pamilyang walang pagbili ng mga serbisyo; 40 kaso lang ang puwedeng pangasiwaan ng bawat tagapag-ugnay; indibidwalisadong pagsasanay; nakatuon sa antas ng pag-unawa ng mga magulang; hahati-hatiin natin ang impormasyon sa maliliit na detalye; tiningnan ang mga pangangailangan; mini workshop tungkol sa mga patas na pagdinig; ang huling workshop ay tungkol sa Abiso ng Pagkilos; at tungkol din sa kanilang mga karapatan. Kung mayroon kayong mga pamilyang wala o may napakakaunting serbisyo, bukas kaming tanggapin sila.

02/15/2023 Mungkahi mula sa live na Pagpupulong para sa Mungkahi ng Publiko sa POS sa English: Mga positibong pahayag:

- Alam ng mga magulang ang mga serbisyong makakatulong sa kanilang kumonekta sa mga serbisyo, handa silang sumubok ng iba.
- Ikinakatuwa ang pagsuporta ng IRC.
- Ibinahagi ng kliyente ang pagtulong ng IRC sa transportasyon.
- Ibinahagi ng kliyente ang paggawa ng mga proyekto para sa CAC/kahandaan sa sakuna, Self Determination, at social recreation.
- Ibinahagi ng kliyente ang kanyang paglahok sa maraming aktibidad, kabilang na sa grassroots; nagkaroon siya ng personal na pag-unlad; pakiramdam ng kliyente ay mayroon siyang silbi.
- Nakikipagpulong na ang mga Hispanic na pinuno at kalahok na sila sa pag-uusap.
- Nagha-hire ang IRC ng mga tauhan na maglilingkod sa komunidad.
- May bagong grupo ng suporta sa magulang sa Blythe.

- May mga in-person na event na ulit.
- Natutuwa na in-person na ulit ang pagpupulong para sa POS.

Feedback:

- Kailangan ng IRC ang programang STAR o katulad nito para sa mga serbisyo para sa mas matinding krisis.
- Kailangang lagyan ng IRC ng mga paglalarawan ang mga karaniwang serbisyo.
- Kailangan ng IRC ng mga gabay sa POS.
- Bilang magulang ng isang kliyente at bilang namumuno rin sa ASIE; gusto nating ipahayag ang gusto ng ating mga kliyenteng Latino at nagsasalita ng Spanish; ang ating pangunahing pangangailangan; mga makabagong serbisyo; mga pamilyang may krisis; mga programa sa pag-uugali; hindi sapat na serbisyo; aplikasyon ng vendor na mas madali at pare-pareho; kapag pinasimple ang proseso ng vendor, magiging accessible ang iba pang serbisyo; kailangang pahusayin ang access sa website; mahirap gamitin at maintindihan ang teknolohiya; mahirap ang pagsasalita ng Spanish; kailangan ng mga pamilya ng pangkabuuang pangangalaga; mga gabay para sa bawat code ng serbisyo; kung minsan, kailangan nating pasimplehin ang pagkakasaad.
- Isa akong facilitator para sa CLASE; sinusuportahan namin ang mga pinuno at nakikipagtulungan kami sa kanila upang maiparating sa pagpupulong ang aming boses; nasaan ang petsa sa capacity reserve; hindi napaglilingkuran ang mga subpopulation; paghahambing sa data na mula sa iba pang panrehiyong sentro; hindi sapat na suporta para sa krisis sa kalusugan ng pag-iisip; kailangan namin ng tulong sa adbokasiya; limitadong resource para sa mga adult na kliyenteng may mga malubhang isyu; kailangan natin ang mga serbisyong iyon para sa kanila; bagong aplikasyon ng vendor na mas madali, regular, at pare-pareho.
- Gusto nating magbahagi, magbigay ng kaalaman sa kung ano ang kinakailangan upang makapagbigay ng suporta hanggang sa maikonekta ang mga suporta; sa papel lang iyon; mahabang proseso ito; indibidwalisado ang ating programa; nagbibigay tayo ng mga one-on-one na konsultasyon para sa mga pamilyang nagsasalita lang ng Spanish; maraming impormasyon ang hindi inaccessible; ipinapakita natin ito sa paraang mauunawaan ng mga magulang; ngunit nahihirapan pa rin ang mga pamilya na magpasya; ibinabahagi natin sa kanila ang kailangan nilang gawin para makagawa ng matalinong pasya. Naranasan na nating makipagtulungan sa mga pamilya sa kanilang pangunahing wika, nagsasalita sila ng dayalekto, at ang Spanish ang kanilang pangalawang wika; nakikipagtulungan tayo sa kanila, nagro-roleplay, at nagkaroon sila ng pag-usad. Pagkatapos ng 40 konsultasyon, tatlong serbisyo lang ang nakuha nila.
- Interesanteng pakinggan kung paano nakakamit ng mga indidbidwal ang pag-usad. Ang pangunahing layunin ko ay pagtuunan ang pag-uugali; ang isa sa mga bagay na nagagawa ko ay makipagtulungan sa mga pamilya. Pinakikinggan ko kung ano ang kulang; gusto nilang magabayan sila; gusto nila ang mga propesyonal; kasabay nito, gusto nila ng sarili nilang oras; mahalaga ito; kailangan naming talagang magsikap at humanap ng mga resource. Dapat ipadala ang impormasyon sa iba't ibang paraan; halimbawa, text, paunang ni-record na mensahe, snail mail, email, web, atbp. Para sa IRC, tama lang ito dahil malawak ang lugar; mahalaga ang pagkakaroon ng malawak na impormasyon; mahalagang alamin ang pangalan ng panrehiyong sentro. Hindi malinaw na masabi ng mga pamilya kung saang panrehiyong sentro sila kabilang; sasabihin nilang iyong nasa Riverside o iyong nasa San Bernardino. Hindi nila alam na sa Inland Regional Center sila kabilang. Mahalagang magkaroon ng access sa ilang pangunahing impormasyon, at

mahalaga ding padalasin ang pakikipag-ugnayan sa propesyonal. Nauunawaan ng mga pamilya na maaaring kailanganin nilang tumawag sa CSC, ngunit natutuwa silang makipag-ugnayan sa mga tauhan ng IRC. Mainam kung magkakaroon ng anumang programa o impormasyong maa-access ng CBO at maibabahagi natin sa komunidad.

- Naglilingkod ako sa mga taong nasa spectrum; kailangan ng IRC ng lisensyadong therapist na maaaring gumabay sa kung paano mag-access ng mga serbisyo; dapat makipagtulungan ang IRC sa IEHP upang gumawa ng listahan ng mga serbisyo sa lugar; hindi patas para sa mga magulang na tumanggap lang ng impormasyon. Bilang isang magulang, kailangan ng aking anak ang mga programa sa social recreation; wala tayong ganoon dito; hindi naaangkop sa edad; napakaraing programa ng ibang estado at lungsod gaya ng Miami, Savannah, Georgia, atbp.; ngunit walang programa para sa tulong sa kolehiyo para sa mga kliyenteng nasa catchment area ng IRC; gusto kong makitang makipagtulungan ang IRC sa mga lokal na unibersidad at kolehiyo. Gusto niya ng lugar na matatambayan. Nasaan ang bahagi para sa employment; hindi pinapayagang tumulong doon ang mga programa sa independent na pamumuhay; wala namang masyadong kinalaman sa aking anak ang mga kasanayan sa independent na pamumuhay; kailangan ng mas maraming camp, kahit pa day camp ang mga ito. Wala akong isyu sa mga tauhan o sa mga taong nagbibigay ng mga serbisyo, halimbawa, ang personal assistant; luma na ang mga serbisyo at karamihan sa mga programa. Kailangan din ng IRC na magkaroon ng adaptive sports kung saan maaari siyang lumahok. Kailangan ng IRC ng mga malikhain at makabagong programa.
- Isang buong team ang kailangan para matugunan ang mga pagkakaiba-iba; isa sa mga bagay na ginagawa natin kapag nakikipagtulungan tayo sa mga police department; may programang magagamit kapag may nangyaring krisis; iminumungkahi ko bilang solusyon ang pagbibigay ng interbensyon sa krisis 24/7. Naapektuhan ng Covid ang mga code dahil sa mga subcode; kailangan nating gawing standardized ang mga code para mapabilis ang mga serbisyo. Iminumungkahi kong gawing digital na available ang proseso ng pagiging vendor sa pamamagitan ng isang app; isasaayos ang aplikasyon gamit ang mga numero; nang sa gayon, matatanggap ito ayon sa pagkakasunod-sunod na ibinigay sa vendor; makakatulong din ito sa pagsusuri ng programa sa panig ng IRC.
- Tagapangulo ako ng isang lokal na komite; kailangang pagtuunan ng IRC ang pamilya, hindi lang ang pangangalagang nakatuon sa indibidwal. May autism ang aking anak; nag-aaral siya sa unibersidad; sa papel, dapat ay mayroon siyang personal assistant; mayroon akong kapamilyang maysakit sa ibang bansa; may mga pag-uugali at limitadong serbisyo ang aking anak; walang grupo ng suporta na para sa aking anak. Mula noong nagsimula ang covid, hindi siya nakatanggap ng access sa in-person na pakikipag-ugnayan; wala dapat pelikula sa mga day program maliban sa isang beses sa isang linggo; hindi solusyon ang panonood ng mga pelikula; mahalaga ang pagkakaroon ng mga aktibidad. Ang pagkakaiba-iba pagdating sa Hispanic ay wala sa wika; naniniwala akong ito ay nasa visibility; hindi ginagamit o ina-update ang mga serbisyo; walang adaptive sports; hindi sa lahat ng rehiyon accessible ang mga aktibidad; kulang ang mga tauhan na makapagbibigay ng mga serbisyo.
- Isa akong abogado at tagapagtaguyod ng mga karapatan ng mga kliyente: ang isang bagay na gusto kong banggitin ay tungkol sa pagiging kwalipikado; madalas sa mga Panrehiyong Sentro, kapag ang kliyente ay may partikular na kapansanan, maaari silang tukuyin bilang hindi kwalipikado. Kung kailangan ng legal na grupo para magbigay ng tugon sa isang Patas na Pagdinig, ano ang kakailanganin ng mga taong hindi makagawa ng sarili nilang argumento? Ang pagpapasimple sa proseso ay nakatutulong sa pagpapaliit ng mga pagkakaiba-iba.

- Mayroon akong anak na babae na may high function autism. Gusto kong idagdag sa inyong mga survey para sa mga magulang at pamilya sa bahay na ang mga pamilya sa Riverside na may mga bata at young adult na may high function autism ay nangangailangan ng transparency sa availability ng mga vendor at plano o mga blue print na makakapagpahusay sa pag-diagnose ng high function autism upang magkaroon ng mas magandang resulta kung saan ang mga kahanga-hangang indibidwal na ito ay makakalahok sa lipunan at maaaring magkaroon ng matagumpay na trabaho at karera at makapagtrabaho sa komunidad at makapamuhay nang independent.

Karagdagang data mula sa mga survey sa POS na natanggap mula sa mga Stakeholder: Unredacted.

- Kailangan ng pagtutulungan dito. Kailangang mas husayan pa ng CSC ang pagsasabi ng kung ano ang mayroon, at kailangang pumunta ng mga magulang at kliyente kung inilaan para sa kanila ang mga pondo.
- Mas maraming art at TV program. Magbahaginan ng mga vendor ang bawat Panrehiyong Sentro. Kailangang mas suportahan ng DDS ang mga RC- itigil ang mga hindi pinopondohang mandato.
- Hindi inihahanda ng SDP ang mga kliyente para sa tunay na mundo. Gumagawa ito ng mga magulang na pumipili para sa kanilang anak. Mukhang karamihan sa mga ito ay mga galit na magulang na nag-iisip na inaalisan nito ng pondo ang mga RC.
- Mayroon akong pagpapahinga, ngunit sinabihan ako ng PM ng aking anak na hindi maaaring maging provider ko ang aking adult na anak na kasama ko sa bahay. Lumabas na isa itong malaking kasinungalingan. Kinailangan kong maghanap ng impormasyon para malaman ko ang kailangan kong malaman.
- Itigil na ang pagbibigay ng pera sa mga tinatawag na programang ito na nakabase sa komunidad na hindi naman nakakalutas ng problema. May lumapit sa akin sa isang event at sinabi niya sa akin na ginagamit niya ang pera ng DDS para tanggalan ng pondo ang panrehiyong sentro

Self-Determination paano ka namin maiuugnay? ***Unredacted.***

- Hindi, masyadong kumplikado, hindi nakakatulong sa aking anak na tumayo para sa kanyang sarili. Para ito sa mga magulang at hindi sa mga kliyente.
- Gamitin ang mga resulta ng data, ibigay ang mga serbisyo at suportang kinakailangan ayon sa data.
- Dapat magkaroon ng mas maraming ahensyang nagbibigay ng mga serbisyo sa mga lugar na malayo sa panrehiyong sentro.
- Patuloy na isaalang-alang na kumuha ng mga tauhan sa pagsasalin o bilingual na tauhan.
- Patuloy na makipag-ugnayan.
- Magbigay ng higit pang impormasyon sa mga pamilya sa pamamagitan ng mga tagapag-ugnay ng mga ito.
- Walang tauhang available sa aking lugar.

Matapos suriin ang data, anong partikular na bahagi ng data ang pinakamahalaga para sa iyo?

Sinabi ng karamihan sa mga lumahok sa survey na maaari pang gawing mas madaling maunawaan ang data mismo ng POS. Binanggit na may ilang wika/kultura na nakakatanggap

ng mas kaunting awtorisadong serbisyo. May natukoy din ang mga kalahok sa survey na malinaw na pagkakaiba sa paggastos ayon sa diagnosis.

Gumagamit ka ba ng pangangalaga para sa pagpapahinga? Kung hindi, pakipaliwanag kung bakit.

Nagpapakita ang mga resulta ng survey ng kawalan ng tiwala sa mga provider ng serbisyo para sa pagpapahinga. Batay sa feedback ng publiko, maaaring nauugnay ito sa mga balakid sa kultura o wika. Bukod pa rito, maraming kalahok sa survey ang nagsabing hindi nila kailangan ng pangangalaga para sa pagpapahinga o kailangan nilang mas maunawaan pa ang mga serbisyo.

Pamilyar ka ba sa ating Organisasyong Nakabatay sa Komunidad na tumutulong sa iyo na kumonekta sa pinopondohang serbisyo ng Inland Regional Center?
OO- 14
HINDI-8

Narinig mo na ba ang tungkol sa Self-Determination Program?
OO-17
HINDI-2

Pagkatapos ng Pagpupulong para sa Mungkahi ng Publiko sa POS sa Spanish - 16 na bagong survey ang dumating at ipinapakita sa lahat ng sagot na hindi nila binasa ang data.

Pagkatapos ng Pagpupulong para sa Mungkahi ng Publiko sa POS sa English - 22 bagong survey ang dumating at ipinapakita sa lahat ng sagot na hindi nila binasa ang data.

Batay sa mga resulta ng survey, sisimulan ng IRC na tumulong sa mga sumusunod:

1. Pagsasanay sa- Pagtataguyod nang May Data
2. Pagsasanay sa- Pagbibigay ng constructive na mungkahi ng publiko
3. Pagsasanay sa- Pag-unawa sa Mga Karaniwang Serbisyo
    a. Pagpapahinga
    b. Self-Determination
4. Pagsasanay sa- Paggamit ng teknolohiya
5. Mag-host ng pagtitipon bago ang mga pagpupulong para sa POS kasama ang mga pinuno ng CLASE (Enero 2024)
6. Sisimulan ng IRC na i-update ang listahan ng mga karaniwang serbisyo
7. Mag-host ng CBO IRC 101 class sa Abril 2023
8. Mag-host ng mga focus group para sa POS bago ang in-person na pagpupulong para sa POS
9. FY23/23 pagpupulong para sa POS- in-person at may opsyon sa Zoom

Mga Estratehiya para sa Pagpapatupad ng Plano sa Pagtiyak ng Access at Pagkakapantay-pantay sa Serbisyo Espesyalista sa Kultura

- Pinagtutuunan ang mga populasyong hindi sapat ang natatanggap na serbisyo na natukoy sa Data ng Pagkakaiba-iba ng POS: Mga kliyenteng nagsasalita ng Spanish, Hispanic na kliyente, Black/African American na kliyente, at kliyenteng may pangunahing diagnosis na Autism.
- May mahalagang tungkulin sa proseso ng Data sa Pagkakaiba-iba ng IRC at nangangasiwa sa mga pagpupulong para sa mungkahi ng publiko sa Data ng POS kung saan ipinapakita ang mga natuklasang data sa wikang English at Spanish at ASL.
- Patuloy na pinagyayaman ng Espesyalista sa Kultura ang mga ugnayan sa pagitan ng mga unit ng Pamamahala ng Kaso ng IRC upang tumulong na tukuyin ang mga trend sa POS mula sa pananaw ng pamamahala ng kaso at dumadalo sa mga Pagpupulong ng Lupon ng IRC at pagpupulong ng VAC upang manatiling updated sa mga pagbabago at mahahalagang talakayan.
- Pinapangasiwaan at pinalalago ng Espesyalista sa Kultura ang dalawang intra-agency group na buwanang nagpupulong: CBO Collaborative at Disparity Link.
- Patuloy na nagsisilbing liaison para sa mga CBO na tumatanggap ng grant sa SAE mula sa DDS.
- Lumalahok sa mga pagpupulong ng Grupo ng Espesyalista sa Kultura ng ARCA na ginaganap dalawang beses kada buwan.
- Patuloy na nagiging bahagi ng Team para sa Grassroots Day.
- Patuloy na nagbibigay ng pagsasanay sa SAE para sa mga bagong tauhan ng IRC sa isang live lab platform.
- Patuloy na dumadalo sa mga buwanang pagpupulong ng Espesyalista sa Kultura at DDS.
- Patuloy na dumadalo sa mga pinagsamang pagpupulong ng mga Espesyalista sa Kultura, DDS, at CBO.
- Ginagamit ng Espesyalista sa Kultura ang LACC Grant Vantage software upang iulat ang mga kinakailangang semi-annual na ulat sa pananalapi at performance sa DDS.
- Kinumpleto ang Proyekto mula sa Grant sa SAE na Kakayahan sa Kultura – Isang Tool para sa Pagkakapantay-pantay at isinumite ang mga kinakailangang quarterly na ulat sa pananalapi at performance sa DDS sa pamamagitan ng Grant Vantage software.

Espesyalista sa Kultura para sa Bingi at May Problema sa Pandinig
Nararapat ang mga Kliyenteng at pamilyang Bingi at May Problema sa Pandinig ng komprehensibo at patas na access sa mga serbisyo, programa, at oportunidad. Kaugnay nito:

- Nagsisikap ang IRC na magpatupad ng mga hakbang sa pagiging pantay-pantay at ingklusibo upang mabawasan ang mga balakid sa komunikasyon at pagkakaiba-iba sa access na naranasan ng maraming Bingi, Bingi't Bulag, at May Problema sa Pandinig.
- Ang **Espesyalista sa Kultura para sa mga Bingi at May Problema sa Pandinig (Deaf and Hard of Hearing o D/HH)** ay nakikipagtulungan sa mga provider ng serbisyo sa komunidad upang matugunan ang iba't ibang pangangailangan ng Komunidad ng Mga Bingi sa pamamagitan ng pagtiyak na epektibo at kasiya-siya ang kanilang access sa at paggamit ng mga serbisyo at suporta.
- Patuloy na papangasiwaan ng Espesyalista sa Kultura para sa mga D/HH ang pagpapalawak ng mga resource sa serbisyo para sa mga bingi, pagsuporta sa mga Kliyenteng na-diagnose na may mahinang pandinig, pagbibigay ng pagsasanay at

karanasan sa mga tauhan ng panrehiyong sentro, at pakikipag-ugnayan sa Departamento ng Mga Developmental na Serbisyo DDS) sa mga pagsisikap sa buong estado.

- Sa paparating na taon, patuloy na makikipagtulungan sa mga Kliyente ang Espesyalista sa Kultura para sa mga D/HH upang matiyak ang suporta mula sa mga miyembro ng pamilya, mapangalagaan ang kanilang pagkakakilanlan, at makasunod sa kanilang kultura habang nakikipag-ugnayan sa mga miyembro ng pamilya sa kanilang katutubong wika.
- Dagdag pa rito, bubuo ng program sa pakikipag-usap para sa grupo, at magbibigay ng kaalaman tungkol sa kultura at wika ng mga bingi at iba pang paksa upang pahusayin ang pagpapalaganap ng impormasyon sa mga stakeholder, mga pamilya, mga vendor, Executive team ng IRC, at mga tauhan sa pamamagitan ng pagsusuri sa data ng Pagbili ng Serbisyo kasama ang Espesyalista sa Kultura ng IRC.
- Patuloy na magbibigay ng pagsasanay ang Espesyalista sa Kultura para sa mga D/HH sa mga tauhan, vendor, at partner sa komunidad ng IRC tungkol sa epektibong komunikasyon at mga akomodasyon.

Mga Koneksyon sa Komunidad ng Espesyalista sa Kultura

- Virtudes Especiales, isang virtual na grupo ng suporta sa magulang sa Spanish na nakikipagtulungan sa Disability Rights California (DRC). Noong 2022, may iba't ibang pagsasanay na idinaos kada quarter sa Zoom.

Enero 12, 2022	Ano ang mga Panrehiyong Sentro	DRC
Abril 13, 2022	Supplemental Security Income	DRC
Hulyo 12, 2022	Mga Alternatibo sa	DRC
Oktubre 18, 2022	Mga Opsyon at Proseso sa Pagtatrabaho at Serbisyo sa Pag-transition	DRC
Disyembre 05, 2022	Mga Opsyon at Proseso sa Pagtatrabaho at Serbisyo sa Pag-transition	DRC

Dinaluhan ng Espesyalista sa Kultura ang mga sumusunod na pagsasanay noong 2021/2022

- Follow-up lab ng Pagsasanay sa mga Bagong Tauhan ng IRC
- Kasanayan sa Kultura serye 3-3
- Komite ng Pagpapayo sa Vendor ng IRC
- Pagsasanay sa LMS ng Grant Vantage
- Pagsasanay sa mga hakbang/paggastos/transaksyon ng LACC sa DDS
- Mga programa at pagsasanay ng SAE sa DDS.
- Self Determination Program Part II
- Webinar ng IRC tungkol sa Pagiging Sensitibo sa Kultura
- Implicit Bias na idinaos ng NLACRC
- Kultura ng Kahirapan kasama ang CLASE
- Iniangkop para Magpatuloy: Mga Flexible na Suporta sa Pamamagitan ng Mga Iniangkop na Day Service

- Pagsasanay tungkol sa Social Recreation ng IRC
- Pagsasanay tungkol sa 24 na Oras na Homecare na Social Recreation
- Pagsasanay tungkol sa Deaf Sensitivity
- Pag-transition sa mga Black at Latinx na pamilya sa Early Start
- Iniangkop para Magpatuloy: Webinar sa Stability ng Lakas-Paggawa
- Mga Opsyon at Proseso sa Pagtatrabaho at Serbisyo sa Pag-transition ng DRC

Mga Pagsisikap sa Access at Pagkakapantay-pantay sa Serbisyo katulong ang mga CBO CLAP, CLASE, GANAS, PBC

ASIE C.L.A.S.E – (nagpapatuloy na proyekto sa S.A.E.)
Noong 2021, ipinagpatuloy ng CBO, ASIE, ang CLASE (Colaboración, Liderazgo, Abogacía, Servicio y Educación), na isang proyekto sa SAE na pinopondohan ng DDS, na ang ibig sabihin sa English ay pakikipagtulungan, pamumuno, pagtataguyod, serbisyo, at edukasyon. Ang proyektong CLASE ay isang Modelo ng Community of Practice na nagbubuklod-buklod sa mga pinuno ng komunidad, kabilang ang mga Espesyalista sa Kultura ng IRC, na naglilingkod sa komunidad ng mga may ID/DD na Latino/nagsasalita ng Spanish sa mga county ng Riverside at San Bernardino. Matatag na nagpapatuloy ang ikalimang taon ng CLASE kung saan naglaan ng isang taon para sa pag-develop ng curriculum at pagtuturo ng intensive leadership at pagsasanay sa pagtataguyod. Nakatuon ang mga pagsasanay sa mga pangunahing kasanayan para sa pagtataguyod at pakikipagtulungan habang tinutugunan ang mga pagkakaiba sa kultura at wika sa komunidad ng mga Hispanic sa Inland Empire at sa mga pinunong naglilingkod sa komunidad ng mga Hispanic na may ID/DD sa Inland Empire. Bukod pa rito, ginagamit ng CLASE ang apat na yugto nito upang ganap itong maging self-sustaining at independent na collaborative. Ang pangkalahatang layunin ng CLASE ay gawing epektibong dahilan ng pagbabago ng sistema at tagabuwag ng kawalan ng katarungan sa lipunan at hindi pagkakapantay-pantay dahil sa lahi ang mga kalahok. Ang ikalimang taon ng CLASE ay binubuo ng 50 - kung saan ang average na dumadalo ay 30 - pinuno kada pagsasanay at 42 aktibong pinuno. Patuloy na nasasabik ang IRC sa pakikipagtulungan sa Autism Society Inland Empire (ASIE) at sa posibitong epekto na patuloy na gagawin ng mga pinuno ng CLASE sa komunidad ng IRC.

Nagbigay ng pagsasanay ang Dibisyon ng Serbisyo sa Komunidad ng IRC at sinagot nito ang mga sumusunod na tanong sa CLASE:

Pag-access sa mga serbisyo ng IRC
- Mga karaniwang serbisyo
- Pagiging pamilyar sa proseso
- Mga proseso para sa mga reklamo (bakit)
- Ang mga kasalukuyang komite ng pagpapayo. Gusto ba natin ng komite ng pagpapayo para sa mga magulang?
- Maagang

pagsisimula/probisyonal na pagiging
kwalipikado Mga Espesyal na Serbisyo
- Ano ang nangyayari sa social recreation
- Mga waiver ng Medi-Cal
- Mga Serbisyo sa Pag-uugali
- Pagsusuri ng gamot
- Krisis

Organisasyon ng Lupon at IRC

- Paano mag-apply para maging miyembro ng lupon.
- Mga uri ng mga lupon (paggawa, pamamahala, pangangalap ng pondo)
- Mga inaasahan ng mga miyembro ng lupon.
- Org chart

Anong Impormasyon ang Legal na Kinakailangan Mong Ibigay sa Panrehiyong Sentro (public charge)

- Portal ng CLASE
- Pagsusuri ng Mga Draft na Bagong Resource.
- Ano ang mga pumipigil sa mga pamilyang Latino at nagsasalita ng Spanish na i-access ang mga serbisyo ng RC ngayon?
- May pagpupulong para sa presentasyon ng POS sa Ene 24, 2023, upang ilahad ang mga pagkakaiba-iba sa loob ng IRC.
- Maghanap ng interpreter sa Coachella Valley at humingi ng mga referral sa CLASE sa lugar na iyon.

Ang ating mga CBO na may mga proyekto sa SAE na pinopondohan ng DDS ay ang Familias First at ang proyekto nitong CLAP, Padres Con Ganas at ang proyekto nitong GANAS, at Access Non-Profit Center at ang proyekto nitong PBC.
Ang CLAP ay nangangahulugang pagbuo ng pamumuno sa mga magulang (creating leadership among parents) at nag-aalok ito ng serye ng apat na sesyong nagbibigay ng kaalaman at kakayahan na kultural na iniangkop sa komunidad ng mga Latino sa I.R.C. Ang ibig sabihin ng GANAS ay Genuine, Animate, Navigate, Assist, Succeed at nagbibigay ito ng mga workshop na nagbibigay ng kaalaman at kakayahan, 1:1 na konsultasyon, at mga grupo ng suporta na gumagamit ng mga alituntunin ng BCBA na iniangkop sa kultura para sa mga Hispanic na tagapangalaga sa Coachella Valley. Ang PBC ay nangangahulugang Pagiging Magulang sa Mga Black na Bata (Parenting Black Children) at nag-aalok ito ng mga workshop na nagbibigay ng kaalaman at kakayahan at grupo ng suporta sa magulang na iniangkop sa kultura ng komunidad ng mga Black/African American ng IRC. Nakikipagtulungan ang IRC sa mga CBO sa pakikipag-ugnayan at pagbibigay-alam sa mga pamilyang hindi sapat ang natatanggap na serbisyo, na may layuning iugnay ang mga kliyenteng kakaunti o walang natatanggap na POS sa mga serbisyong kailangan nila.. Nagbibigay ang mga CBO ng modelo ng natatangi at madalas na serbisyong magulang sa magulang para sa mga pamilya ng IRC. Binibigyan ng kakayahan at kaalaman ng kanilang mga programa ang mga pamilya tungkol sa mga serbisyo ng IRC at mga pangkalahatang serbisyong magagamit sa komunidad. Ipinakita ng mga CBO ang kakayahang sapatan ang kulang na impormasyon at kawalan ng tiwala sa pagitan ng IRC at mga pamilyang pinaglilingkuran nito.

Humingi ang Espesyalista sa Kultura ng IRC ng impormasyon tungkol sa paglahok mula sa mga CBO tungkol sa pag-usad sa pagtugon sa mga pagkakaiba-iba sa komunidad; ipinapaliwanag ng mga chart sa ibaba ang lahat ng mga workshop na ibinigay nila sa komunidad ng IRC.

Serye ng Mga CLAP Workshop – English

Agosto 16, 2022 – Setyembre 6, 2022

Pangalan ng Workshop	
Crossing the Bridge from Early Intervention to School Age Services	
Giving a Voice to My Child: The Parent – RC Relationship	
So, What Services and Resources Are Available Anyway?	
How do I cross the Bridge and Apply What I Learned?	
Mga dumalo sa workshop	59

Serye ng Mga CLAP Workshop – Spanish

Oktubre 4, 2022- Oktubre 25, 2022

Pangalan ng Workshop	
Alcanzando Un Mejor Futuro Para Mi Hijo	
El Padre, El Mejor Abogado	
El Poder De Estar Informado: Servicios y Recursos	
Aplicando Mis Nuevas Habilidades De Liderazgo	
Mga dumalo sa workshop	59

Kabuuang Bilang ng Mga Dumalo sa English at Spanish Workshop	111

Mga Workshop ng GANAS

Abril 1, 2022 – Disyembre 2, 2022

Pangalan ng Workshop	Mga Dumalo sa English na Workshop	Mga Dumalo sa Spanish na Workshop	Kabuuang Bilang ng Mga Dumalo ayon sa Workshop
Communication	13	24	37
Data	3	10	13
ABA Therapy	8	14	22
IPP Document	5	29	34
	Kabuuang bilang ng mga dumalo sa Workshop ng GANAS		106

Mga Skills Group ng GANAS

Petsa ng Skills Group	Mga dumalo
05/26/2022	10
06/23/2022	8
07/07/2022	6
07/21/2022	7
09/22/2022	8
11/03/2022	8
Kabuuang bilang ng mga dumalo sa Mga Skill Group	47

Kabuuang Bilang ng Mga 1:1 (One-on-One) na Konsultasyon: 268; 225 sa mga 1:1 na konsultasyon ay mga follow-up sa parehong mga magulang na maraming beses na bumabalik para sa suporta.

PBC

Ang proyektong PBC ay nagbigay sa komunidad ng mga Black/African American ng IRC ng maraming workshop na nagbibigay ng kaalaman at kakayahan noong 2022. Ang proyektong PBC ay patuloy na magbibigay ng mga session na partikular na iniangkop sa iba't ibang kultura sa 2023, at mayroon itong nakaplanong mga session sa pagpapakumbaba kaugnay ng kultura na tinatawag na "Pagpapakumbaba kaugnay ng Kultura: Boses ng Mga Black at Mga Developmental na Kapansanan." Noong Disyembre 13, 2022**,** humingi ang Espesyalista sa Kultura ng impormasyon tungkol sa paglahok mula sa PBC upang isama sa ulat ng POS. Noong Enero 20, 2023, hindi available sa Espesyalista sa Kultura ang hinihinging impormasyon.
Dahil doon, inilabas ng IRC ang ulat na ito nang wala ang nasabing data dahil time-sensitive na dokumento ang POS at inilalarawan lang nito ang mga workshop at target na audience ng organisasyon.

Iba pang pagsisikap na may kinalaman sa SAE na nauugnay sa Tungkuling Espesyalista sa Kultura

Kami sa IRC ay nakatuon sa pagpapatuloy ng aming mga pagsisikap na protektahan ang komunidad ng mga may I/DD; upang magawa ito, dapat naming ipagpatuloy ang aming mga pagsisikap na bumuo ng mga bagong posisyon na makakatulong sa amin na matugunan ang mga pangangailangang iyon.

1:40 Unit ng Pag-uugnay para sa Pinahusay na Serbisyo: May bagong programa sa pamamahala ng kaso ang IRC na tinatawag na Pag-uugnay para sa Pinahusay na Serbisyo. Isa itong team na may sampung (10) Tagapag-ugnay ng Pinahusay na Serbisyo na pinamumunuan ng isang Manager ng Programa, at ang bawat tagapag-ugnay ay magkakaroon ng 40 kaso sa kanilang caseload. Ang mga pamilya sa mga caseload na ito ay natukoy na wala o kakaunti lang ang serbisyong natatanggap at nangangailangan ng karagdagang 1:1 na suporta sa pag-access ng mga serbisyo. Ang Pag-uugnay para sa Pinahusay na Serbisyo ay isang pansamantala at pamboluntaryong programa na may apat na bahagi: pagpapatala, edukasyon, pakikibahagi, at pagbibigay-kakayahan. Nilalayon ng programang ito na pahusayin ang access sa at pagbibigay ng serbisyo para sa mga populasyong hindi sapat ang natatanggap na serbisyo, magbigay ng nakatuong suporta at pinaigting na pag-uugnay ng serbisyo, at bigyan ang mga pamilya ng impormasyon at mga tool upang magamit ang iba't ibang sistema sa California na ginawa upang mapaglingkuran sila.

Tagapag-ugnay ng Mga Serbisyong Pang-emergency (Emergency Services Coordinator o ESC). Ang ating mga kliyenteng may mga intellectual/developmental na kapansanan (intellectual/developmental disabilities o I/DD) ay nasa mas malaking panganib na masaktan sa isang sakunang gawa ng tao o ng kalikasan. Kailangan nila ng mas epektibong paraan upang magkaroon ng kaalaman, maging ligtas, at maging handa. Upang matugunan ang mga pagkakaiba-ibang ito sa pagpaplano at pagtugon sa emergency, naglaan ang Departamento ng Mga Developmental na Serbisyo (DDS) ng pondo sa lahat ng Panrehiyong Sentro, kabilang ang IRC. Pinapangasiwaan ng Tagapag-ugnay ng Mga Serbisyong Pang-emergency (ESC) ang mga sumusunod:

- Ang ESC ay nagsisilbing liaison sa pagitan ng lahat ng dalawampu't isang Panrehiyong Sentro, munisipal at pang-estadong ahensya, at iba pang lokal na ahensya sa pagtugon, at nag-aalok ito ng mutual aid at tulong sa iba pang Panrehiyong Sentro.
- Ang pagtulong sa mga empleyado, partner, customer, at pamilya na maging handa sa mga emergency at sakuna, gawa man ng tao o ng kalikasan, ay ang

tuon ng ilan sa ating mga aktibidad.

- Maghanda para sa mga planadong pagkawala ng kuryente o shutoff na maaaring makaapekto sa mga Kliyente ng IRC; nakikipagtulungan din ang ESC sa mga provider ng utility sa rehiyon.
- Ang edukasyon, pag-iwas, at pagtugon ang mga pinakamahalagang elemento.
- Sinusuportahan natin ang mga Kliyente sa iba't ibang paraan sa pamamagitan ng pagbibigay ng kaalaman tungkol sa pagiging handa sa emergency.

Ang pondo sa Access sa Wika at Kakayahan sa Kultura na mula sa DDS.
Susuportahan ng Espesyalista sa Access sa Wika at Kakayahan sa Kultura (LACC) ang pagpapalawak ng lahat ng resource sa wika, magbibigay siya ng pagsasanay at ibabahagi niya ang kanyang karanasan sa mga tauhan ng panrehiyong sentro, at makikipag-ugnayan siya sa Departamento ng Mga Developmental na Serbisyo (DDS) kaugnay ng mga aktibidad at pagsisikap sa access sa wika. Kabilang sa mga pagsisikap ng LACC ang pag-hire ng anim (6) na Parent Ambassador sa mga Low-frequency na wika, kasama ang American Sign language, Arabic, Mandarin Chinese, Tagalog, Vietnamese, at Spanish.

- DEI
- Mga Survey
- Mga Focus Group
- Conference
- ASL Consultant
- Pag-interpret sa Mga Materyal sa Marketing

SAE Lab para sa Mga Bagong Tauhan ng IRC
Sa 2023, patuloy na makikipagkita ang Espesyalista sa Kultura sa mga bagong na-hire na empleyado para sa SAE lab. Ang layunin ng lab na ito ay malaman kung anong Access at Pagkakapantay-pantay sa Serbisyo ang nasa Inland Regional Center at kung sino ang mga consumer na pinaglilingkuran nito. Ipinapaliwanag sa lab na ito ang paggastos sa POS, mga pagsisikap kaugnay ng mga pagkakaiba-iba, mga salik na nakakaapekto, at mga balakid sa SAE. Nagbibigay ito ng mga tool upang matiyak ang pagkakapantay-pantay, at kung paano sila makakatulong sa mga pagsisikap sa SAE bilang bahagi ng team ng IRC. Maraming beses nakaiskedyul ang lab na ito sa buong taon.

CBO Collaborative
Ang CBO Collaborative, na isang buwanang pagpupulong na nagbubuklod-buklod sa iyong mga Tagapag-ugnay ng Serbisyo, sa Espesyalista sa Kultura, at sa mga CBO na may proyektong pinopondohan ng grant sa SAE na mula sa DDS upang makaugnayan ang mga hindi sapat ang natatanggap na serbisyo mula sa IRC, ay patuloy na sumusulong at nagsimula na sa ikaapat na taon nito. Ang CBO Collaborative ay nagsisilbing team building platform para magbahagi ng mga kuwento ng tagumpay at talakayin ang mga solusyon sa mga balakid na nakakaapekto sa mga pamilya na mahirap makaugnayan at maiugnay sa mga lubos na kinakailangang serbisyo. Ang karaniwang bilang ng mga dumalo noong 2022 para sa CBO Collaborative ay mula 15 hanggang 104 kalahok kada pagpupulong.

Disparity Link
Ang Disparity Link, ang team ng mga tauhan ng IRC mula sa iba't ibang departamento at ang Espesyalista sa Kultura ay patuloy na nagpupulong at nagsimula na sa ikaapat na taon nito. Tinatalakay ng team na ito ang "lahat ng bagay na tungkol sa pagkakaiba-iba" kabilang ang mga update, balita sa SAE, at tagumpay at mga hamong nauugnay sa mga pamilyang hindi sapat ang

natatanggap na serbisyo. Nagbabahagi ang team na ito ng mga resource at tinatalakay nito ang mga solusyon sa mga kilalang balakid na nakakaapekto sa mga pamilya ng IRC na hindi sapat ang natatangap na serbisyo. Ibinabahagi ng bawat miyembro ng Disparity Link ang impormasyong tinalakay sa buwanang pagpupulong sa iba pa nilang kasamahan at sa Manager ng Programa. Ang layunin ay makatulong na ipamahagi ang pinakabago at pinakatumpak na impormasyon tungkol sa SAE sa lahat ng departamento sa IRC. Ang karaniwang bilang ng mga dumalo noong 2022 para sa Disparity Link ay mula 10-18 kalahok.

Pakikipag-usap at Mga Partnership: Unit para sa Pakikipag-ugnayan sa Komunidad
Ang Inland Regional Center ay may Unit para sa Pakikipag-ugnayan sa Komunidad. Binubuo ang team na ito ng dalawang Technician ng Suporta sa Consumer, tatlong Tagapagtaguyod ng Consumer, isang Espesyalista sa Public Relations, isang Espesyalista sa Kultura, isang Tagapag-ugnay ng Mga Serbisyong Pang-emergency, Developer ng Mga Event at Espesyalista sa Pakikipag-usap, at pinamumunuan ito ng isang Manager ng Programa. Daragdagan ng miyembro ang team na ito at kasalukuyan itong naghahanap ng mga tauhan para sa proyekto ng LACC. Dumadalo ang team para sa Pakikipag-ugnayan sa Komunidad sa mga pakikipag-usap sa mga county ng Riverside at San Bernardino upang makausap ang mga kliyente at magbigay ng kaalaman tungkol sa kung paano at bakit naglilingkod ang IRC at sino ang pinaglilingkuran nito. Marami sa ating mga pakikipag-usap ay nagmumula sa mga partnership ng IRC sa komunidad. Nagsisikap ang IRC na bumuo ng mga ugnayan sa mga Partner sa Komunidad na naglilingkod sa komunidad ng mga may ID/DD sa mga County ng Riverside at San Bernardino. Ang sumusunod ay listahan ng mga partner sa komunidad ng IRC:

- Access Non-Profit Center
- Autism Society Inland Empire (ASIE)
- Disability Rights California (DRC)
- Familias First
- Tanggapan ng Pagtataguyod ng Mga Karapatan ng Mga Kliyente (OCRA)
- Padres Con Ganas
- Departamento ng Sheriff ng County ng San Bernardino
- Mga Grupo ng Suporta sa Magulang
    - Blythe - Heart2Heart
    - Coachella Valley - NES Padres Empoderados Por La Inclusión
    - Corona - Padres Con Poder
    - Fontana - Angeles Especiales
    - Moreno Valley - Broad Spectrum Broader Minds
    - San Bernardino - Angeles Con Futuro & Padres Excepcionales
    - Victorville - Somos Una Voz

Komunikasyon: Website, Newsletter, at social media ng IRC
Ang IRC ay may website sa English at Spanish na pinapamahalaan, ina-update, at pinapangasiwaan ng Unit para sa Pakikipag-ugnayan sa Komunidad. Iniimbitahan at hinihikayat natin ang lahat na tingnan ang website ng IRC gamit ang mga link na ito:

- English – https://www.inlandrc.org/
- Spanish – https://www/inandrc.org/es/

Ang buwanang newsletter ng IRC, ang IRC Access. Mag-subscribe sa aming newsletter gamit ang sumusunod na link: https://www.inlandrc.org/sign-up/

Kabilang sa presensya sa Social Media ng IRC ang Facebook, Instagram, at Twitter:
Facebook – 10,404 na tao ang nag-like sa aming page at karagdagang 10,899 ang

naka-follow sa aming page. https://www.facebook.com/InlandRegionalCenter/
Instagram - 2,337 follower.
https://www.instagram.com/inlandregionalcenter/
Twitter - 1,095 follower.
https://twitter.com/inlandregional

Pagsasanay
Nagsimulang magbigay ang Unit para sa Pagsasanay at Pag-develop ng IRC ng virtual na pagsasanay sa mga bago at kasalukuyang tauhan ng IRC, Provider ng Serbisyo, Consumer ng IRC at pamilya. Ang sumusunod ay listahang nagsasaad ng mga pagsisikap na ito:

Pagsasanay sa Mga Tauhan

- Kasanayan sa Kultura (3 magkakahiwalay na session)
- Pagsasanay tungkol sa Implicit Bias
- Provisional Eligibility
- Pagsasanay sa Mga Bagong Tauhan (tinatayang 350 bagong tauhan ang na-hire at sumailalim sa pagsasanay noong 2022)
- Pagsasanay ng Medi-Cal
- Pakikipagtulungan sa Mga Pamilya at Distrito ng Paaralan
- Disability Rights California at OCRA.
- Pagsasanay sa Kalusugan at Kaligtasan
- Pagsasanay sa Social Recreation
- Pagsasanay tungkol sa FMS
- Mga Pangunahing Impormasyon sa Kinatawang Payee
- Deployment at Pagsasanay sa Atlas (Lahat ng Tauhan)
- Mga Serbisyo sa Pag-transition
- Mga Alternatibo sa Conservatorship
- Kalusugan ng Bibig para sa Mga Consumer ng IRC
- Self Determination (Bahagi 1)
- Self Determination (Bahagi 2)
- Kahandaan sa Sakuna para sa Mga Kliyente
- Electronic na Pag-verify ng Pagpapatingin – Ang Kailangang Malaman ng Mga CSC
- Pagsasanay tungkol sa Deaf Sensitivity
- Pagsasanay tungkol sa Epilepsy at First Aid

Mga Partner sa Komunidad

- Pagsasanay tungkol sa Mga Developmental na Kapansanan para sa Mga Tagapagpatupad ng Batas (6 na Session; tinatayang 450+ opisyal sa kabuuan ang dumalo)
- Pagsasanay ng Riverside University Health – IRC (4 na Session)
- Departamento ng Kalusugan ng Pag-uugali (5 Session)
- Autism Society Inland Empire (3 magkakahiwalay na session)
- Mga Pagsasanay ng SELPA tungkol sa Mga Serbisyo ng IRC/Pagiging Kwalipikado (3 sa kabuuan)
- Mga Pagsasanay ng IRC tungkol sa Grupo ng Suporta (CLASE, iba't ibang CBO)
- Mga Pinag-isang Distrito ng Paaralan

Mga Provider ng Serbisyo

- Introduksyon ng LMS: Ang layunin ay magbigay ng pagsasanay na may mas magandang kalidad na nakokontrol at maiaangkop natin sa mga partikular na pangangailangan ng populasyon ng ating vendor.
- Mga Open Paid Training Module
- Mga Batas sa Pagtatrabaho ng California
- Kahandaan sa Sakuna
- Disability Rights California at OCRA
- Access at Pagkakapantay-pantay sa Serbisyo para sa Mga Vendor
- Mga Iniangkop na Day Service
- Pagsasanay sa P&I para sa Mga Provider

Pagsasanay para sa Mga Consumer at Pamilya

- Orientation tungkol sa RC para sa Bagong Magulang (12 beses sa buong taon)
- Sex Education para sa Mga Menor de Edad (6 na beses sa buong taon)
- Sex Education para sa Mga Adult (6 na beses sa buong taon)
- Sex Education para sa Mga Magulang at Tagapangalaga (6 na beses sa buong taon)
- Mga Alternatibo sa Conservatorship
- Self-Determination Advisory Committee (10 times during the year)
- Orientation para sa Self-Determination Program (5 in person na orientation at pagkatapos ay lilipat sa LMS format kung saan palagi itong available)
- Pagsasanay ng Medi-Cal

Grassroots Day 2022 - https://www.inlandrc.org/2022/04/06/your-grassroots-day-team-2022/
Grassroots Day 2021 - https://www.inlandrc.org/2021/04/23/irc-attends-virtual-grassroots-day/

Mga Hamon at Balakid na nauugnay sa SAE.

Mga highlight ng data ng pagkakaiba-iba ng POS
Sa mga nakalipas na taon, nakatuon ang mga pagsisikap ng IRC sa access at pagkakapantay-pantay sa serbisyo sa apat na pangunahing bahagi: mga kliyenteng may pangunahing diagnosis na Autism, mga Kliyenteng Spanish ang pangunahing wika, mga Kliyenteng Hispanic ang Etnisidad, at mga Black/African American na Kliyente. Noong 2022, nakipagtulungan ang IRC sa CBO, Access Non-Profit Center, na sumali sa mga pagsisikap ng IRC sa programa nitong Pagiging Magulang sa Mga Black na Bata na nakatuon ang mga pagsisikap sa access at pagkakapantay-pantay sa serbisyo sa mga pamilyang Black/African American na hindi sapat ang natatanggap na serbisyo. Ibinubuod ng impormasyong ipinapakita sa slide na ito ang data para sa mga focus group ng SAE:

Autism
Ipinapakita sa data ng POS noong 2021/2022 na 15,620 kliyenteng may pangunahing diagnosis na Autism ang napaglingkuran ng IRC, at 10,196 na kliyente ang nakatanggap ng mga serbisyo. Sa loob ng isang taon, nadagdagan ito ng 1,491 bagong kliyenteng may pangunahing diagnosis na Autism at ang mga Kliyenteng walang POS ay 5,424 o 34.7% ang hindi nakatanggap ng mga serbisyong binili ng IRC. Kapag inihambing ang data sa taon ng pananalapi 2020/2021-2021/2022, lumaki ang pagkakaiba-iba nang 2.06%.

Black/AA.

Ipinapakita sa data ng POS para sa taon ng pananalapi na 2021/2022 na 4,268 Black/ African American na kliyente ang napaglingkuran ng IRC, 3,142 kliyente ang nakatanggap ng mga serbisyo at sa loob ng isang taon, may nadagdag na 152 bagong kliyenteng itinuturing ang sarili bilang Black/African American. Ang mga kliyenteng Walang POS ay 1,126 o 26.4% ng mga kliyenteng hindi nakatanggap ng mga serbisyong binili ng IRC. Nang inihambing ang data sa data ng nakaraang taon, lumabas na bumaba ang pagkakaiba-iba nang -2.22%

Hispanic

Ipinapakita sa data ng POS noong 2021/2022 na 18,084 na kliyenteng Hispanic ang Etnisidad ang napaglingkuran ng IRC, 12,805 kliyente ang nakatanggap ng mga serbisyo at sa loob ng isang taon, may nadagdag na 1,709 na bagong kliyenteng itinuturing ang sarili bilang Hispanic. Ang mga kliyenteng walang POS ay 5,279 o 29.2% ng mga kliyenteng hindi nakatanggap ng mga serbisyong binili ng IRC. Nang inihambing ang data sa data ng nakaraang taon, lumabas na bumaba ang pagkakaiba-iba nang -1.02%

Mga Nagsasalita Lang ng Spanish

Ipinapakita sa data ng POS noong 2021/2022 na 8,304 na kliyenteng ang pangunahing wika ay Spanish ang napaglingkuran ng IRC, 6,254 kliyente ang nakatanggap ng mga serbisyo at sa loob ng isang taon, may nadagdag na 1709 na bagong kliyenteng ang pangunahing wika ay Spanish. Ang mga kliyenteng walang POS ay 2,050 o 24.7% ng mga kliyenteng hindi nakatanggap ng mga serbisyong binili ng IRC. Kapag inihambing ang data sa data ng nakaraang taon, lumaki ang pagkakaiba-iba nang 2.92%

Kapag tinitingnan ang data sa pagkakaiba-iba ng Hispanic at nagsasalita lang ng Spanish, mahalagang maunawaan na ang mga kliyenteng kinikilalang Hispanic ang kanilang etnisidad ay hindi palaging mga kliyenteng nagsasalita ng Spanish at itinuturing ng maraming Hispanic na English ang kanilang pangunahing wika. Ang mga Hispanic na nagsasalita ng English ay maaaring bilingual o hindi talaga nagsasalita ng Spanish.

Ipinapakita sa data ng taon ng pananalapi 2021/2022 na lumaki ang mga pagkakaiba-iba sa lahat ng kliyente anuman ang etnisidad, edad, o diagnosis. Mahalagang tandaan na ang mga pagsisikap ng IRC sa access at pagkakapantay-pantay sa serbisyo kabilang ang mga partnership sa CBO ay nakatuon sa paglilingkod sa lahat ng kliyente anuman ang kanilang edad, etnisidad, pangunahing wika, at diagnosis. Maraming kailangang gawin kaugnay ng mga kliyenteng hindi sapat ang natatanggap na serbisyo at patuloy na itutuon ng IRC ang mga programa, pagsisikap, at partnership nito sa SAE sa pag-aalis ng pagkakaiba-iba.

Autism

- Kabuuang Bilang ng Mga Kliyente: **15,620**
- Mga Bagong Kliyente (2021-2022): **1,491**
- Mga Kliyenteng Walang POS: **5,424** o **34.7%**
- Pagkakaiba-iba: **2.06%** (Pagtaas)

Black/African-American

- Kabuuang Bilang ng Mga Kliyente: **4,268**
- Mga Bagong Kliyente (2021-2022): **152**
- Mga Kliyenteng Walang POS: **1,126** o **26.40%**
- Pagkakaiba-iba: **-2.22%** (Pagbaba)

Hispanic

- Kabuuang Bilang ng Mga Kliyente: **18,084**
- Mga Bagong Kliyente: (2021-2022): **1,709**
- Mga Kliyenteng Walang POS: **5,279** o **29.20%**
- Pagkakaiba-iba: **-1.02%** (Pagbaba)

Nagsasalita Lang ng Spanish

- Kabuuang Bilang ng Mga Kliyente: **8,304**
- Mga Bagong Kliyente (2021-2022): **490**
- Mga Kliyenteng Walang POS: **2,050** o **24.70%**
- Pagkakaiba-iba: **2.92%** (Pagtaas)

Mga Ulat sa English
2020-2021 https://www.inlandrc.org/wp-content/uploads/2022/05/POS-SAE-Report-FY-20-21-FINAL-R.pdf
2019-2020- https://www.inlandrc.org/wp-content/uploads/2021/09/POS-SAE-Report-FY-2019-2020-FINAL.pdf
2018-2019- https://www.inlandrc.org/wp-content/uploads/2020/07/FINAL-POS-Disparity-Report-FY-2018-2019.pdf

Ulat sa Spanish
2020-2021 - https://www.inlandrc.org/wp-content/uploads/2022/05/POS-SAE-Report-FY-20-21-FINAL-Spanish.pdf

2019-2020 - https://www.inlandrc.org/wp-content/uploads/2021/09/POS-SAE-Report-FY-19-20-FINAL-002_Spanish.pdf
2018-2019 - https://www.inlandrc.org/wp-content/uploads/2020/07/FINAL-POS-Disparity-Report-FY-2018-2019.pdf

Mga highlight ng data ng paggastos
Noong taon ng pananalapi 2021/2022, gumastos ang IRC ng mahigit 633 milyong dolyar upang bumili ng mga serbisyo para sa kliyente. Kabilang sa pondong ito ang mga serbisyong para sa lahat ng kliyente, anuman ang edad at etnisidad sa mga county ng Riverside at San Bernardino. Available ang ulat ng POS, at lubos naming hinihikayat ang lahat na suriin ang buong ulat. Naglalaman ang ulat ng POS ng data na nagpapakita ng paggastos ayon sa edad, etnisidad, diagnosis, pangunahing wika, at tirahan. Idinedetalye rin ng ulat ng POS ang bilang at porsyento ng mga kliyenteng nakatanggap ng mga serbisyong binili ng IRC at ang bilang at porsyento ng mga kliyenteng hindi nakatanggap ng serbisyo. Upang makita ninyo ang ulat, bisitahin ang aming website sa inlandrc.org, at i-click ang tab na Accountability, hanapin ang skesyong transparency, buksan ang tab na Purchase of Service kung saan makikita ninyo ang Data sa Pagkakaiba-iba ng POS ayon sa taon.

Data sa English - https://www.inlandrc.org/wp-content/uploads/2022/05/POS-SAE-Report-FY-20- 21-FINAL-R.pdf

Data sa Spanish - https://www.inlandrc.org/wp-content/uploads/2022/05/POS-SAE-Report-FY-20- 21-FINAL-Spanish.pdf

Iba pang Data na Nauugnay sa Access at Pagkakapantay-pantay sa Serbisyo
Ayon sa data ng POS, ang grupo sa IRC na may pinakamalaking pagkakaiba-iba ay ang Hispanic, edad 3-21. Ang per capita na paggastos ng mga Hispanic na kliyenteng edad 3-21 ay $6,122 kumpara sa $6,286 na per capita na paggastos para sa mga White na kliyente, na may pagkakaibang $164 kada kliyente. Ang grupo ng mga Hispanic, anuman ang edad, ay gumamit ng 56.4% ng kanilang mga awtorisadong serbisyo kumpara sa 49.8% na paggamit ng mga awtorisadong serbisyo ng mga White na kliyente; gayunpaman, ang per capita na mga awtorisadong serbisyo ng lahat ng Hispanic na kliyente anuman ang edad ay $9,795 kumpara sa
$12,384 na per capita na mga awtorisadong serbisyo para sa mga White na kliyente; $ 2,589 ang pagkakaiba kada kliyente.

Ang mga kliyenteng tumukoy sa Spanish bilang kanilang pangunahing wika ay ang pangalawang pinakamalaking pinaglingkurang grupo ng IRC, na may 8,304 kliyente sa kabuuan sa data ng POS (2021-2022) na nadagdagan ng 490 bagong kliyente mula sa data ng POS (2020-2021) na 7,814. Kung titingnan ang data ng POS sa nakalipas na dalawang taon, ang bilang ng mga kliyenteng tumukoy sa Spanish bilang kanilang pangunahing wika ay nadagdagan ng 490 bagong kaso sa loob ng isang taon. Narito ang isang representasyon ng grupong ito:



Pagdami ng Mga Kliyente at Tauhan
Ayon sa ulat sa POS ng DDS, noong Disyembre ng 2021, may 45,242 bukas na kaso ang IRC sa mga county ng Riverside at San Bernardino. Noong Disyembre 2022, may 48,247 bukas na kaso ang IRC sa parehong county, na may average na 250 bagong kaso kada buwan. Dumami ang mga kaso nang 3005 sa loob ng isang taon.

Ayon sa Departamento ng HR sa IRC, noong taon ng pananalapi 2021/2022, mayroong 787 tauhan ang IRC; noong Disyembre 2022, mayroong 904 tauhan ang IRC; nadagdagan ito ng 117 tauhan sa loob ng isang taon. Kung kayo o ang kakilala ninyo ay interesadong sumali sa team ng IRC, at para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga oportunidad sa trabaho at kung paano mag-apply, bisitahin ang website ng IRC sa: https://www.inlandrc.org/careers/

Mga Sistemikong Hamon at Balakid sa Komunidad ng IRC at sa IRC
Bagama't napapabuti na ang mga bagay sa ating komunidad at sa komunidad ng IRC, patuloy na naaapektuhan ng COVID-19 ang mga hamon at balakid sa paglaki ng pagkakaiba-iba.

Ipinapakita rin sa data ng 2020/2021 na ang lahat ng etnisidad, lahat ng edad, at lahat ng diagnosis ay naapektuhan ng mga parehong balakid na kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa:

- Isinara ng mga vendor ang kanilang mga negosyo at hindi na makapagbigay ng mga serbisyo
- Mas mataas kaysa na normal na bilang ng mga caseload at hindi inaasahang turnover ng mga tauhan ng IRC
- Noong 2020/2021, labis na nakasalalay sa teknolohiya ang pagiging konektado, kung kaya, maraming pamilya ang walang access sa o walang wastong kaalaman sa kung paano ito gamitin
- Kawalan ng pag-unawa sa mga serbisyo ng IRC, sistema ng RC, pamantayan sa pagiging kwalipikado, at proseso ng pag-apela
- Transportasyon at Pangangalaga sa Bata
- Pakikipag-ugnayan sa Tagapag-ugnay ng Serbisyo kung saan inililipat sa bagong Tagapag-ugnay ng Serbisyo ang mga kaso
- Mataas na caseload ratio, turnover ng mga tauhan, at pagdami ng mga bago at inilipat na kaso.
- Malawak na heograpikong lugar, mga bayan sa border at rural na rehiyon, at kakulangan ng mga vendor

Hindi na masyadong karaniwan ngayon ang mga ulat na nahihirapan ang mga pamilya na makipag-ugnayan sa kanilang Tagapag-ugnay ng Serbisyo kumpara sa mga nakalipas na taon ngunit balakid pa rin ito sa mga pamiyang hindi nagsasalita ng English o hindi gumagamit ng email. Patuloy na nagiging balakid ang pandemya para sa mga pamilya sa IRC at naapektuhan nito ang IRC at ang paghahatid ng karaniwang serbisyo. Bilang isang ahensya, nahaharap ang IRC sa mga balakid gaya ng caseload ratio. Mas maraming caseload ang pinapangasiwaan ng ating mga Tagapag-ugnay ng Serbisyo kumpara sa nakasaad sa Lanterman Act. Ang karamihan sa mga Tagapag-ugnay ng Serbisyo sa IRC ay nangangasiwa ng 70-85 caseload at may ilang namamahala ng 90-110 kliyente. Dahil sa patuloy na pagdami ng ating mga bago at inililipat na kaso, nahihirapan ang IRC na mag-hire ng sapat na tauhan na mangangasiwa sa 48,247 aktibong kaso na kasalukuyang hawak natin. Ang malawak na heograpikong lugar na sakop ng IRC, kung saan kasama ang county ng Riverside at San Bernardino - na mahigit 27,000 square miles sa kabuuan - ay madalas na nahaharap sa hamon ng kawalan ng nakontratang vendor na magbibigay ng mga serbisyo sa mga lugar na rural at may maliit na populasyon.

Nabawasan na ang balakid ng mga median rate, at gagawa tayo ng mga makabagong programa sa mga susunod na taon upang paliitin ang pagkakaiba-iba. Hinihikayat namin ang komunidad ng IRC na sumali sa mga pagsisikap ng IRC na makakuha ng mas maraming serbisyo para sa mga kliyente, lalo na sa mga nakatira sa mga lugar na rural at may maliit na populasyon, upang maipagpatuloy ang talakayan, sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa kanilang mga lokal at pang-estadong mambabatas.

Mga Layuning Nakumpleto at Nauugnay sa Access at Pagkakapantay-pantay sa Serbisyo sa 2021/2022

- May isinagawang 6 na oras na Pagsasanay tungkol sa Implicit Bias sa mga tauhan ng IRC noong Mayo 2022.
- Ang Proyekto mula sa Grant sa SAE na Kakayahan sa Kultura – Isang Tool para sa Pagkakapantay-pantay ay natapos noong Mayo 31, 2022. Layunin ng proyektong ito na bigyan ang ating mga kliyente ng mga indibidwal na may kasanayan sa kultura at magbigay ng kaalaman tungkol sa kahalagahan ng kakayahan sa kultura kapag nagbibigay ng mga serbisyo sa pamamahala ng kaso. Noong 2022, maraming pagsasanay ang isinagawa sa iba't ibang audience, kabilang ang mga provider ng serbisyo ng IRC, mga tauhan ng IRC, mga adult na kliyente ng IRC, mga magulang na may anak na may bukas na kaso sa IRC, ang Departamento ng Mga Serbisyo sa Suporta sa Bata ng County ng San Bernardino, at ang Departamento ng Kalusugan ng Publiko ng County ng San Bernardino.
- Nagpasimula ang Espesyalista sa Kultura ng bagong grupo ng suporta sa mga magulang na tinatawag na Heart 2 Heart sa komunidad sa lungsod ng Blythe.
- Pinunan at na-develop ng Team para sa Pakikipag-ugnayan sa Komunidad ang posisyong Espesyalista sa Kultura para sa Mga Bingi at May Problema sa Pandinig: https://www.inlandrc.org/2022/04/12/inland-regional-centers- new-deaf-and-hard-of-hearing-cultural-specialist/
- Pinunan at na-develop ng team para sa Pakikipag-ugnayan sa Komunidad ang posisyong Tagapag-ugnay ng Mga Serbisyong Pang-emergency: https://www.inlandrc.org/2022/04/22/emergency-services- coordinator-esc-marquis-quinton/

Mga Panukalang Layunin na Nauugnay sa Access at Pagkakapantay-pantay sa Serbisyo sa 2023-2024

- Patuloy na mag-iiskedyul ng pagsasanay sa Kakayahan sa Kultura sa hinaharap para sa mga Tauhan ng IRC, Provider ng Serbisyo, at Lupon ng Mga Katiwala ng IRC.
- Patuloy na iho-host at palalaguin ng Espesyalista sa Kultura ang Virtudes Especiales, ang virtual na Spanish na grupo ng suporta sa magulang ng IRC.
- Ang Espesyalista sa Kultura, sa pakikipagtulungan sa Unit para sa Pagsasanay at Pag-develop ng IRC, ay patuloy na magbibigay ng pangkalahatang-ideya ng pagkakaiba-iba na tinatawag na "Access at Pagkakapantay-pantay sa Serbisyo" sa lahat ng bagong na-hire na tauhan.
- Patuloy na dadalo ang IRC sa mga pakikipag-usap at magbibigay ito ng pagsasanay sa komunidad ng IRC at mga partner sa komunidad. Ang IRC ay patuloy na bubuo ng mga bagong partnership sa catchment area nito na nakatuon sa pakikipag-ugnayan sa mga kasalukuyan at potensyal na pamilya ng IRC.
- Patuloy na titiyakin ng Team para sa Pakikipag-ugnayan sa Komunidad ang bilingual na pakikipag-ugnayan sa English at Spanish sa pamamagitan ng website, mga social media platform, at buwanang electronic newsletter ng IRC.
- Patuloy na iho-host at papalaguin ng Espesyalista sa Kultura ang CBO Collaborative.
- Patuloy na iho-host at papalaguin ng Espesyalista sa Kultura ang team ng Disparity Link.
- Ang Team para sa Grassroots Day, kasama ang isang magulang sa IRC, ay dadalo sa taunang event na virtual na gaganapin sa Marso 29, 2023.
- Patuloy na magbibigay ang Team para sa Pakikipag-ugnayan sa Komunidad ng klase sa Pagpaparehistro ng Botante kada taon.
- Patuloy na makikipagtulungan ang IRC sa mga kasalukuyan at bagong CBO na may mga proyekto mula sa grant sa SAE na pinondohan ng DDS, kung saan ang Espesyalista sa Kultura ang Liaison ng CBO.

Kongklusyon

Ang Inland Regional Center (IRC) ay responsable sa paglilingkod sa pinakamalaking populasyon sa estado ng California na may mahigit 48,247 bukas na kaso. Patuloy na nagsisikap ang IRC na tiyakin ang access at pagkakapantay-pantay sa serbisyo para sa mga grupong nakakaranas ng pagkakaiba-iba sa serbisyo, na kinabibilangan ng mga kliyenteng may Autism, Black/African American, Hispanic, at nagsasalita ng Spanish. Dapat ay isaalang-alang ang iba't ibang pangangailangan ng bawat pamilya ng IRC habang kinikilala at tinutugunan din ang mga hamon at balakid na nagpapahirap para makaugnayan ang mga pinakanahihirapang pamilya. Ang ilan sa mga hamon at balakid ay pinalala ng, ngunit hindi limitado sa, socioeconomic na katayuan, mga balakid sa kultura at wika, kakayahang magbasa at magsulat, mga natatangi at iba't ibang pangangailangan ng bawat indibidwal na Kliyente at pamilya, mga kahihinatnang nauugnay sa COVID-19, kawalan ng tiwala, takot, mga balakid na nauugnay sa komunikasyon, kakulangan sa pag-unawa sa sistema ng RC at proseso ng pag-apela, at pangangailangan para sa mga makabago at makabuluhang programa.

Patuloy na makikipagtulungan ang IRC sa mga CBO na tumatanggap ng mga grant sa SAE mula sa DDS. Umaasa ang IRC sa positibong epekto ng mga proyektong ito. Patuloy na makikipag-ugnayan ang IRC sa komunidad na kinabibilangan ng mga magulang at tagapangalaga ng IRC, mga paraprofessional at professional na naglilingkod sa mga mutual na Kliyente ng IRC, sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga virtual at in-person na pagsasanay, pagbuo ng mga partnership, at pagpapatatag sa mga kasalukuyang kolaborasyon.

CLASE

COMUNIDAD DE PRACTICA
Colaboracion
Liderazgo
Abogacia
Servicio y
Education

ieautism.org/clase

Pebrero 15, 2023

Inland Regional Center
Attn: Dr. CJ Cook 1365
S Waterman Ave
San Bernardino, CA 92408

RE: POS Feedback

Minamahal na Dr. Cook,

Gusto naming magpasalamat sa inyo at kay Maria Rodriguez, ang Espesyalista sa Kultura ng IRC, sa pagdalo sa aming pagpupulong na CLASE Community of Practice kamakailan upang ipresenta ang mga pinakabagong resulta ng POS. Nagpapasalamat kami sa pagkakataong magbigay ng feedback.

Ang CLASE Community of Practice ay binubuo ng 43 pinunong kumakatawan sa 25 organisasyong naglilingkod sa komunidad ng mga Latino at nagsasalita ng Spanish.

Nasa ibaba ang buod ng feedback na ibinigay sa pagpupulong na iyon.
Ang epektibo sa Inland Regional Center para sa ating mga pamilya:

1. "Mababait ang mga tao."
2. "Mayroon silang mga nakakatulong na kurso para mabigyang-kaalaman ang mga magulang."
3. "Mula sa internal na pananaw, maayos ang komunikasyon sa mga caseworker. Maayos kong nakatrabaho ang iba't ibang tagapag-ugnay sa IRC."
4. "Sineseryoso nila ang mga bagay, pinapakinggan nila ang aming mga alalahanin/reklamo. Mukhang gusto nilang makipag-ugnayan para sa positibong pagbabago."
5. " Nagustuhan ko iyong nakipagtulungan sila sa Fiesta Educativa upang matukoy ang mga pangangailangan ng komunidad at makapagbigay-kaalaman."
6. "Sa aking palagay, kung titingnan mo sa nakalipas na sampung taon, mas pinagtutuunan na nila ng pansin ang mga Latino. Napagbuti nila ang pagkakaroon ng tulong para sa mga nagsasalita ng Spanish kung kailangan ito ng mga pamilya at pagdaragdag sa impormasyong para sa mga nagsasalita ng Spanish/Latino."

Ano pa ang kailangan upang matulungan ang aming komunidad:

1. Ang nangungunang tema sa aming talakayan ay, bagama't natutukoy natin na mayroong kakulangan sa manggagawa, kailangan pa rin ng mga pamilya ng mga napakahalagang serbisyo at mga bago at kapaki-pakinabang na programa. Mahabang proseso ang paghingi ng tulong, ngunit ang kasunod na hamon ay ang kakulangan ng mga provider ng serbisyo.

a. Walang programa para sa mga teenager bukod sa pagpapahinga
b. Walang programa para sa malubhang pag-uugali. Mahirap makakuha ng mga serbisyo, kabilang ang pagpapahinga, para sa mga batang may mas malubhang kapansanan, kahit anong may mahigit 1-2 diagnosis. Binabalewala nila ito, at sinasabihing kailangan mong kumuha ng nurse at mas mahirap ding makakuha ng pagpapahinga respite. Mas maraming oportunidad ang hindi tinatanggap dahil sa takot sa pananagutan.
c. Mga serbisyo sa interbensyon sa krisis. Hindi sapat na suporta para sa mga pamilya at indibidwal na may krisis sa pag-uugali at/o pag-iisip. Ano ang kasalukuyang available para sa mga pamilyang ito? Available sa 15 sa 21 Panrehiyong Sentro ang mga team ng Interbensyon sa Krisis na Stabilization Training Assistance Reintegration (STAR) home at START (Systemic, Therapeutic, Assessment, Resources, and Treatment) Mobile - kailangan natin ang mga ito sa Inland Regional Center.
d. Mga problema sa pag-uugali - kailangan ng mga magulang ng tulong sa pagtataguyod-mahabang wait list para sa mga medikal na serbisyo. Hindi nakakatulong ang mga paaralan, mahabang wait list. Lalo na para sa mga teen. Paano sila makakakilos kung hindi nila makokontrol ang kanilang pag-uugali?
e. Mga malubhang pag-uugali - hindi sapat na ahensyang may pagsasanay at mga resource para sa mga pamilyang ito.

2. Kailangang magkaroon ng bagong aplikasyon ng vendor - kailangan nating gawin itong mas madali at pare-pareho sa lahat ng Panrehiyong Sentro. Mas madaling mag-recruit ng mga bagong vendor para sa mga serbisyo. Halimbawa, maganda kung makakagamit ang IRC ng vendor na may kumpanyang may produktong may GPS tracking, gaya ng Angel Sense.
3. Dagdagan ang kaalaman ng mga caseworker at availability ng mga fact sheet o impormasyon sa English at Spanish at mahalagang impormasyon para sa mga pangangailangan ng kanilang pamilya, kabilang ang:
    a. Mga resource at serbisyong available - serbisyo man ito sa Panrehiyong Sentro (gaya ng IHSS o social security).
    b. Listahan ng lahat ng serbisyong available sa pamamagitan ng Panrehiyong Sentro at iba pang ahensya (gaya ng IHSS, Social Security, atbp.)
    c. Mga serbisyong partikular na para sa mga young adult na lumilipat mula sa high school, kabilang ang transportasyon.
    d. Payuhan kung paano makakatulong ang Inland Regional Center sa pagtataguyod ng IEP. Halimbawa, magtataguyod ba ang lahat ng caseworker sa mga IEP? Magbabayad ba ang IRC para sa isang tagapagtaguyod o abugado kung kailangan ito ng magulang? Ilang abiso ang kailangan ng Caseworker sa IRC upang dumalo sa IEP - sa kasalukuyan, mga biglaang abiso ang ibinibigay ng mga paaralan.

   e. Impormasyon sa kung paano i-access ang pang-emosyong pangangalaga para sa mga pamilya at magulang. Maaaring kabilang dito ang sikolohikal na suporta, mga grupo ng suporta, at karagdagang pagsasanay.
4. Mahirap gamitin ang teknolohiya para sa maraming pamilya. Hindi madali ang aplikasyon para sa mga serbisyo dahil sa mga antas ng teknolohiya. Hindi masyadong pamilyar ang maraming Hispanic sa mga website, kaya hindi nakikita ang mga pagpupulong at impormasyong nakalagay sa website ng IRC.
5. Mahalaga ang pagsasali ng pamilya, dapat isaalang-alang ng IRC ang mga kapatid. Isang tao lang ang nakakakuha o nakakagawa ng aktibidad. Buong pamilya ang naaapektuhan ng kapansanan. Dapat ay kasama nila ang mga kapatid nila para sa mga therapy/serbisyo, ngunit wala silang nakukuha. Kailangan nating pagsikapan ang mga koneksyong iyon dahil ang mga kapatid ang mag-aalaga sa may-kapansanan kapag wala na ang mga magulang.
6. Kailangan ng mga gabay para sa bawat code ng serbisyo. Mayroon na tayong batas, ngunit wala ng kung paano ini-interpret ng IRC ang mga batas at prosesong ito upang maunawaan ng mga pamilya kung pasok sa code na iyon ang kanilang mga serbisyo.

Mga tanong na lumabas sa talakayan:

1. Nasaan ang data tungkol sa kapasidad na maglingkod - mayroon bang mga waiting list? Mayroon bang mga geographic at sub-population na hindi napaglilingkuran?
2. Ano ang kaibahan ng data ng Walang POS ng IRC sa iba pang Panrehiyong Sentro?

Salamat ulit sa pagsasaalang-alang sa aming mga komento at sa inyong pakikipagtulungan sa pagpapahusay ng mga buhay ng ating mga pamilya.

Taos-puso,

Clara Garcia

Clara Garcia
Direktor ng mga Programa, Facilitator sa Autism Society Inland Empire, CLASE Community of Practice